

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan

May 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Tropa ng 4th IB, inambus ng BHB sa Occidental Mindoro.....	7
Makabuluhang dagdag-sahod, panawagan ng mga manggagawa sa Mayo 1.....	8
Dalawang indibidwal, hinihinalang dinampot ng militar.....	14
Pakikipagpulong ni Marcos kay Biden sa US, hinabol ng protesta.....	15
Presyo ng asukal, tumaas sa gitna ng importasyon.....	17
Itigil ang biglaang pagtaas ng singil sa kuryente ng Meralco—Makabayan.....	20
Karapatan sa malayang pamamahayag, patuloy na sinisikil.....	21
Magsasaka, pinatay ng 94th IB; anak nito, pinagbabaril din.....	23
Mga manggagawang pangkalusugan, magmamartsa para sa dagdag sahod at regularisasyon.....	24
Mga rebolusyonaryo at progresibo, muling sinensor ng Twitter at Facebook.....	26
Pribatisasyon ng NAIA, tulak ng US at kasosyo nitong mga kumprador.....	28

Red-tagging at panggigipit sa mga maralita sa Caloocan, binatikos.....	30
Tigil-pasada, ikakasa ng mga drayber at opereytor sa Bacolod City.....	32
Live-fire exercises ng AFP sa Claveria, abala sa mamamayan.....	33
Panawagan para sa makabuluhang dagdag sahod, dumagundong noong Mayo Uno sa TK.	35
Ehersisyong militar panghimpapawid, inilulunsad ng PAF at tropa ng US sa bansa....	38
Pagbaba ng implasyon, hindi dama ng mahihirap.....	39
Piket kontra pagtataas ng singil sa kuryente, inilunsad.....	40
4 armadong aksyon sa 6 na araw, inilunsad ng BHB-Southern Panay.....	42
Gawa-gawang kaso laban sa unyonista ng BPO, ibinasura.....	43
Mga residente ng pabahay sa Pandi, nagkamit ng serbisyong patubig.....	45
'Ititaw ang Taytay 2', 'Palayain ang Mansalay 2', sigaw ng mga katutubo.....	47
Pagpatay ng SAF sa 2 sibilyan sa Northern Samar, pinalalabas na engkwentro.....	49
Pandaigdigang Araw ng Aksyon Laban sa G7, ipinanawagan.....	51

Moratoryum sa bagong mga proyektong reklamasyon, ipinag-utos.....	52
Pagtatagpong Biden-Marcos, rehabilitasyon ng pamilya ng diktador sa US.....	54
Pasalubong ni Marcos mula sa US: Mas mahigpit ng ugnayang neokolonyal.....	56
CIDG, nasa likod ng pagdukot sa Taytay 2.....	60
Nakatakdang “ROTC games” sa isang kampus sa Visayas, binatikos.....	62
Ikalawang kaso sa droga ni de Lima, ibinasura ng korte.....	63
Pagtatalaga kay Sara Duterte bilang co-vice chair ng NTF-Elcac, malawakang binatikos.....	65
Magsasaka sa Kabankalan city, dinakip ng 94th IB.....	67
Warrant of Arrest laban sa “Northern Luzon 7,” ipinawalambisa.....	69
Ehersisyong militar na “Kasangga” ng Australia at Pilipinas, inilunsad.....	71
Ika-75 taon ng Nakba, ginunita sa gitna ng panibagong serye ng brutalidad ng Israel.....	72
Naglalakihang kita sa gitna ng pagtanggap itaas ang sahod.....	73
Aberya sa GCash, paiimbestigahan.....	76

Konsulant ng NDFP sa Bohol, sadyang pinatay ng militar.....	77
Organisador at aktibista sa Bohol, isang buwang dinesaparesido bago pinatay ng 47th IB.....	79
Higit 14,000 residente, naapektuhan ng panganganyon at pambobomba ng AFP sa Mindoro.....	81
Mid-year bonus ng pasistang sundalo at pulis, mas mataas sa mga titser at ibang kawani.....	82
Pagkamatay ng unyonista sa Davao, isinisi sa panggigipit ng militar.....	84
Protesta laban sa G7, inilunsad sa Japan.....	86
Mga nars sa South Korea, nagwelga.....	88
Sibilyan, brutal na pinatay ng 9th IB sa Camarines Norte.....	89
Pagkatapos ng pitong taon: Kidawapan 43, pinawalang-sala.....	90
Paglalabas ng Korte Suprema ng “Writ of Kalayaan,” ipinamamadali.....	92
10 residente, kabilang ang mga bata at matatanda, idinetine ng 11th IB.....	94
2 sundalo patay sa misengkwentro ng AFP at PNP sa Negros Oriental.....	95
Bagong-panganak, asawa niya, inaresto ng 11th IB.....	96

75-anyos na lider-magsasaka sa Bohol, inaresto sa gawa-gawang kaso.....	97
Dalawang kabataang aktibista, dinukot sa Cagayan.....	98
Kontra-pribatisasyon ng koop sa kuryente sa Negros, lumalawak.....	99
Mga Rizaleñong tinulungan ng mga progresibo, binantaan ng 80th IB.....	101
Piket kontra-kwari sa Silay City, isinagawa ng mga magsasaka.....	102
Hustisya at “kambalingan,” panawagan sa ika-6 taong anibersaryo ng Marawi Siege.....	104
Panukalang MIF sa Senado, para sa korapsyon at kroniyismo.....	108
Aberyang dala ng Ungka Flyover, pinaimbestigahan.....	110
Mga akusasyon ng AFP kontra sa mga Lumad sa Davao, ibinasura ng korte.....	111
Mga manggagawa sa Paperland Inc, nakatak dang magwelga.....	113
Protesta kontra-gera at AUKUS, inilunsad sa Sydney.....	114
Sertipikasyong “kagyat” ng panukalang MIF, di dapat sundin.....	116
Boluntir na guro ng mga Lumad, pinarangalan sa Ireland.....	117

Daan-daang OFW na pinagbawalan sa Kuwait,
pinababayaan.....119

Limos na programang ‘food stamp’ ni Marcos Jr,
insulto sa anakpawis.....121

Proyektong MIADP ng World Bank, banta sa
lupang ninuno ng mga Lumad at Moro.....122

Tatlong magsasaka, pinatay ng 15th IB.....125

4 sibilyan, 1 hors de combat, sadyang pinatay
ng AFP sa loob ng isang araw.....127

770 magtutubo sa Batangas, nakatanggap ng
tulong pampinansya.....128

Bilanggong pulitikal sa Negros,
pinaiimbestigahan ang pagkawala ng anak...130

Maharlika Fund, niratsada sa Senado.....131

Tropa ng 4th IB, inambus ng BHB sa Occidental Mindoro

Mayo 1, 2023

Inambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro ang tatlo-kataong tim ng 4th IB sa Lipitan, Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro noong Abril 25. Napatay sa naturang aksyon si Pvt. Mayu-ay Onaw habang nakatakas ang dalawa niyang kasamahan. Nakumpiska sa kanya ang isang kalibre .45 pistola na may dalawang magasin at selpon.

Sa ulat ng BHB-Mindoro, tiniyak ng mga Pulang mandirigma na hindi madamay ang apat pang

sibilyan na naroon sa lugar ng ambus. Taliwas ito sa kasinungalingan pinalalabas ng 4th IB na pinaputukan ang mga sibilyan at piniringan pa ang mga ito.

Paliwanag pa ng yunit, ang ambus laban sa pasistang sundalo ay “nagsisilbing paggawad ng rebolusyonaryong hustisya” dahil sa pagkakasangkot ng mga sundalo ng 4th IB na walang tigil na naghahasik ng teror sa timog ng Mindoro, lalo na sa hanay ng mga katutubong Buhid.

Imbwelto si Pvt. Onaw sa mga operasyong kombat na ginagamit sa paggiya at pagsama sa mga operasyong search and destroy, paniktik, sapilitang nagpapasuko at tortyur sa mga kapwa niya katutubo.

Liban dito, isa din siyang masugid na galamay sa pagrerekrut ng CAFGU sa hanay ng mga Hanunuo at Buhid sa mga bayan ng Rizal at San Jose, Occidental Mindoro ayon sa yunit ng BHB.

Makabuluhang dagdag-sahod, panawagan ng mga manggagawa sa Mayo 1

Mayo 2, 2023

Libu-libong manggagawa sa pangunahing mga syudad ng Pilipinas ang nagmartsa kahapon, Mayo 1, Internasyunal na Araw ng Paggawa, para ipanawagan ang makabuluhang pagdagdag sa kanilang sahod at seguridad sa trabaho. Binatikos nila si Ferdinand Marcos Jr sa pakitang-tao niyang

mga hakbang at kawalang-tugon niya sa hinaing ng mga manggagawa. Tahasang tumanggi si Marcos na dagdagan ang sahod at sa halip ay namigay lamang ng kakarampot na ayuda sa iilan.

Sa Metro Manila, 10,000 manggagawa sa ilalim ng All Philippine Trade Unions (APTU) ang nagmartsa mula sa España Avenue tungong paanan ng Mendiola Bridge sa Maynila. Binubuo ang APTU ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Kilusang Mayo Uno (KMU), Nagkaisa! Labor Coalition, Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), at iba pang mga grupong manggagawa.

“Sa unang Mayo Uno ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos, nauna pang kausapin (ni Marcos) ang mga Kano kaysa mga Pilipino,” bwelta ni Elmer Labog, tagapangulo ng KMU. Sadyang lumipad tungong US si Marcos isang araw bago ang Mayo 1 para makipagpulong kay US Pres. Joseph Biden. Batikos ng KMU, sa halos isang taong pagkakaupo sa poder ni Marcos, pawang pahirap lamang sa obrero’t mamamayan ang dala ng kanyang mga patakarang maka-imperyalista at anti-mahirap.

Ayon kay Labog: “Sabay-sabay daw tayong aahon, ngunit tila di tayo umaahon kundi tuloy tuloy tayong bumabaon. Yan po ang ating kalagayan. Ibinebenta sa ibang bansa ang ating lakas-paggawa, ngunit malinaw na ang pagtugon sa matinding kagutuman at kawalan ng trabaho ay hindi naman natutugunan. Kaya mga kasama, mahalaga ang ating pagsasama-sama ngayong araw na ito bilang paggunita at pagtataguyod sa ating mga kahilingan.”

Tinawag ng grupong Gabriela si Marcos bilang “Boy Dedmatakas” mula sa pinaiksing dedma at takas. “Dedma at takas lagi ang ginagawa lalo na sa mahahalagang responsibilidad katulad nang pagsagot sa panawagan ng manggagawa na ₱750 wage increase. Sa halip na harapin niya ito, pinili niyang umalis para mas ibenta lalo ang ating soberanya sa US,” pahayag ni Clarice Palce, secretary-general ng Gabriela sa Araw ng Paggawa.

Nakiisa sa mga manggagawa ang mga magbubukid. “Walang pakialam si Marcos Jr sa mga manggagawang nahihirapan sa napakababang sahod, salat na mga benepisyo at hindi regular na trabaho. Walang pakialam si Marcos Jr sa mamamayang hilahod na dahil sa sobrang taas ng presyo ng pagkain at mga bilingin. Walang pakialam si Marcos Jr sa taumbayan na kanyang iiwan sa ilang araw niyang paglalamyerda sa ibang bansa, ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Matapos ang pagkilos sa Mendiola, natungo ang KMU at Bagong Alyansang Makabayan sa US Embassy para kundenahin ang patuloy na paglabag sa karapatang-tao dulot ng EDCA, VFA, MDT, at iba pang mga hindi pantay na kasunduan sa pagitan ng United States at Pilipinas. Kinundena nila ang pangangayupapa ni Marcos sa US at nanawagan sa pagbabasura sa mga di pantay na tratadong militar. Kabilang sa mga ito ang Mutual Defense Treaty, na muling isinalang sa negosasyon para umayon sa interes at

pangangailangan ng US sa pakikipaggirian nito sa China.

Sa Cebu City, ginunita ng mga manggagawang Sugbuhanon ang ika-137 Araw ng Manggagawa sa isang martsa sa Osmeña Blvd. “Dugay na ta nga gipasagdan lang sa administrasyon ni Marcos ug bisan sa mga niagi, maong kinahanglan ang panaghiusa sa mga mamumuo ug sa katawhang Pilipino sa pag-usab sa katilingban ug aron tukoron ang gobyerno nga tinuod nga nagrepresentar sa mga mamumuo ug katawhang linupigan,” pahayag ni Jaime Paglinawan, lider ng KMU-Cebu. (Matagal na tayong pinabayaan lang ng administrasyong Marcos at kahit sa nakaraan, kaya kailangan ang pagkakaisa ng mga manggagawa at mamamayang Pilipino para baguhin ang lipunan at itayo ang gubyernong tunay na kakatawan sa mga manggagawa at inaaaping mamamayan.”

Sa Davao City, humigit-kumulang 400 myembro ng KMU-Southern Mindanao Region at iba pang makabayang organisasyon ang nagtipon para sa paggunita ng Mayo Uno. Hinarang ng mga pulis ang kanilang martsa sa Ponciano St. dahil sa kawalan diumano ng permit na protesta sa lugar. Tumungo sila sa Freedom Park para magdaos ng programa.

Ayon kay Paul John Dizon, pangkalahatang kalihim ng KMU-SMR, walang malinaw na solusyon ang rehimeng Marcos para resolbahin ang pinakakagyat na mga usapin sa paggawa. Aniya, malayong hindi nakasasapat ang ₱428 hanggang ₱443 na minimum na sahod sa rehiyon ng Davao

para tugunan ang batayang pangangailangan ng isang pamilya. Binatikos din niya ang proyektong Davao Public Transport Modernization Project ng mga Duterte na papatay sa kabuhayan ng maraming drayber ng dyip at bus.

Sa Laguna, nasa 2,000 manggagawa mula sa iba't-ibang unyon, myembro ng progresibong grupo, at mga kinatawan ng relihiyosong grupo ang nagrali sa Calamba Crossing. Siningil nila ang rehimeng Marcos sa tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng magbilihin at kawalang-tugon sa panawagan nilang nakabubuhay na sahod.

Sa Albay, nagtipon ang mga manggagawa sa Legazpi City sa pangunguna ng May One Committee Bicol. Lumahok sa rali ang mga drayber mula sa No to Jeepney Phaseout Alliance na nagsagawa ng karaban mula Busay, Daraga.

Sa Baguio City, nagtipon sa Igorot Park ang mga myembro ng KMU-Baguio at iba pa sa kabila ng lamig at bumubuhos na ulan. "Ang sahod ng manggagawa sa Cordillera na ₱400 ay hindi makahabol sa presyo ng bilihin at implasyon na nangyayari sa ngayon," pahayag ni Mike Cabangon ng KMU. Tinatayang ₱1,159 kada araw ang kailangan ng isang pamilyang may 5-katao sa Cordillera. Sa gayon, kulang ng ₱759 ang kasalukuyang minimum na sahod sa rehiyon.

Sa Bacolod City, pinangunahan ng United Labor Alliance Negros (ULAN) ang pagkilos para sa karapatan at pambansang minium na sahod na ₱750. Bago makarating ang delegasyon mula sa Kabankalan City at South Negros, hinarang sila ng

mga pulis malapit sa Lorenzo Zayco District Hospital. Nirekisa ng mga pulis ang kanilang mga sasakyan at hinanapan ng mga papeles nang walang dahilan. Kinundena ito ng September 21 Movement na nagsabing, paglabag sa mga karapatan sa malayang asembleya at malayang pagpahayag ang ginawa ng mga pulis.

Sa Cagayan de Oro, pinigilan ng mga pulis ang 70 myembro ng Kilusang Mayo Uno na nakamotorsiklo sa Barangay Bugo na papunta sa sentro ng syudad para lumahok sa rali. Inobligang silang magbigay ng mga lisensya at barangay clearance, labag sa kanilang mga karapatan, lalupa't wala silang ginawang paglabag sa batas. Tatlong oras silang nakabilad sa araw bago "payagan" ng mga pulis na tumuloy sa syudad. Ayon sa pulis, nagmula sa Camp Crame (hedkwarters ng PNP) ang utos na "i-monitor" ang kilos ng mga militanteng organisasyon ng manggagawa sa buong bansa.

"Tinabunan ng upisyal ng pulis na nanguna sa pagharang sa komboy ang name patch (nakaburdang pangalan sa uniporme) niya para itago ang identidad niya, pero hininging malaman ang identidad ng mga manggagawa," batikos ni Atty, Beverly Musni ng Union of People's Lawyers in Mindanao (UPLM). Karapatan ng mga manggagawa na tumungo sa syudad para gunitain ang Mayo 1 at dapat alam ng mga pulis ito, pahayag niya.

Samantala, kinundena ng APTU noong Abril 30 ang arbitraryong pagbubuo ng Marcos ng isang komite para sa koordinasyon at pamamahala sa

pagresolba ng mga kaso sa paggawa sa bansa sa pamamagitan ng Executive Order (EO) 23. Ang pagbubuo nito ay walang partisipasyon o input ng mga grupo sa paggawa, taliwas sa nakasaad na tripartism at pangangailangan ng isang dayalogo sa International Labor Organization Convention 144.

Alinsunod dito, kailangang sangkot kapwa ang mga manggagawa at kanilang mga amo sa proseso ng pagdedesiyon, laluna sa mga usaping direktang umaapekto sa kanila at pagresolba sa matagal nang mga kaso ng pagpaslang ng mga unyonista at iba pang paglabag sa mga kalayaan sa malayang asosasyon.

Updated: May 3, 2023 | 3:56PM

Dalawang indibidwal, hinihinalang dinampot ng militar

Mayo 3, 2023

Isinapubliko ngayong araw ng grupo sa karapatang-tao na Cordillera Human Rights Alliance (CHRA) ang balita na hindi matunton ang kinaroroonan nina Dexter Capuyan, isang Bontoc-Ibaloi-Kankanaey na mula sa La Trinidad, Benguet at Gene Roz Jamil De Jesus, residente ng Bulacan. Ayon sa CHRA, ang dalawa ay huling nakontak noong gabi ng Abril 28 habang nasa Taytay, Rizal para magpatingin sa ospital si Capuyan.

Labis ang pag-aalala ng mga kaanak at ng CHRA sa kalagayan at kaligtasan ng dalawa dahil si

Capuyan ay inakusahan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na lider umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa rehiyong Ilocos-Cordillera at pinatungan ng ₱1,850,000.00 para sa kanyang pagkakadakip.

Liban dito, idinadawit din si Capuyan sa mga kaso ng pagpatay, bigong pag-patay at tangkang pagpatay sa mga sundalo ng AFP noong Pebrero 2015 sa Barangay Namitpit, Quirino, Ilocos Sur.

“Dahil dito, naniniwala kaming nasa kustodiya ng mga pwera sa seguridad ng estado ang dalawa at natatakot kami para sa kanilang kaligtasan at maayos na kalagayan,” paliwanag ng CHRA. Giit nila, dapat kagyat na ilitaw ang dalawa at igalang ang kanilang mga karapatan at itrato nang makatao.

Samantala, nanawagan din ang grupo at kanilang mga kaanak sa publiko na makatulong sa pagtunton sa kanilang kinaroroonan at paglilinaw sa kanilang lokasyon at sitwasyon.

Pakikipagpulong ni Marcos kay Biden sa US, hinabol ng protesta

Mayo 3, 2023

Magkakasunod na protesta ang inilunsad ng mga migranteng Pilipino sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-USA para batikusin ang pagpunta ni Ferdinand Marcos Jr sa US at pakikipagpulong niya sa hepe ng imperyalistang US na si Joe Biden mula Abril 30. Magtatagal si Marcos Jr ng apat na araw sa bansa para

maglamyerda at ibugaw ang Pilipinas sa dayuhang pamumuhunan.

Noong Mayo 1, nagprotesta ang mga migranteng Pilipino at kanilang mga alyado sa Lafayette Square sa Washington DC kung saan nagpulong si Marcos Jr at Biden. Kasunod nito, hinabol din ng protesta ang pakikipagpulong ni Marcos Jr sa mga migrante sa Ritz-Carlton Hotel. Sigaw ng mga Pilipino sa magkasunod na protesta: “Marcos not welcome in the US” at “Never again to Martial Law.”

Ang pagbisita ni Marcos Jr ay ilang araw lamang pagkatapos ng pinakamalaking pagsasanay militar na Balikatan 2023 na nilahukan ng 12,000 tropang Amerikano. Sa araw ding ito sinimulan ang kasunod na war games gamit ang mga jetfighter na tinawag na Cope Thunder. Kasunod din ito ng pagpapatibay ni Marcos Jr sa karagdagang apat pang “napagkasunduang lokasyon” na gagawing base militar ng US sa bansa sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Sa isang pahayag ng Bayan-USA, binatikos nito ang presensyang militar sa Pilipinas at karagdagang mga base militar ng US sa Cagayan, Isabela at Palawan. Anila, isasapanganib lamang ng mga ito ang Pilipinas at hihilahin sa alimpuyo ng pakikipaggitgitan nito sa imperyalistang karibal nito na China.

Sinundan ito ng pagkilos ng mga Pilipino noong Mayo 2 sa US Naval Observatory sa Washington D.C. kung saan nakipapulong si Marcos Jr kay US Vice President Kamala Harris. Ayon sa Bayan-

USA, “ang pagpupulong na ito ay isang hakbang na naman sa pagpapalakas ng hindi patas na ugnayan ng US [sa Pilipinas] at relasyong bilateral.”

Noong gabi ng Mayo 2, sinugod ng mga Pilipino ang Fiola Mare, isang mamahaling restawran sa Georgetown, kung saan may “dinner meeting” si Marcos, Jr at kanyang gabinete sa mga bilyonaryong negosyanteng Pilipino. Tinatayang kasama sa mamahaling hapunan ang mga negosyanteng sina Enrique Razon Jr., Lance Gokongwei, at Sabin Aboitiz.

Kinundena ng mga nagprotesta ang pagwawaldas ng pera ng bayan ng administrasyon habang walang tugon sa krisis sa ekonomya sa bansa. Nagawang makapagprotesta ng grupo sa loob ng naturang gusali. Inaresto sa protesta ang apat na kalahok.

Tulad sa nakaraang paglalamyerda, kasama ni Marcos Jr ang kanyang pamilya, asawang si Marie Louise Marcos at anak na si Sandro Marcos. Sumabit din sa biyahe si Gloria Macapagal Arroyo at Martin Romualdez at walo pang kalihim ng gabinete.

Presyo ng asukal, tumaas sa gitna ng importasyon

Mayo 3, 2023

Hindi bumaba kundi tumaas pa ang presyo ng asukal matapos dumagsa ang imported na asukal sa bansa. Sumirit ang presyo nito tungong ₱136

kada kilo sa ilang mga tindahan nitong nakaraang mga linggo, ayon sa ulat kamakailan ng Sugar Regulatory Administration (SRA).

Sa tala ng SRA, ang presyong tingi ng repinadong asukal sa mga grocery sa Metro Manila ay umaabot ng ₱90.95 hanggang ₱136 kada kilo, habang sa mga palengke ay nasa ₱88 hanggang ₱110 kada kilo. Samantala ang washed sugar naman sa mga grocery ay mula ₱85 hanggang ₱120 kada kilo at ₱85 hanggang ₱95 kada kilo sa mga palengke.

Tumambak sa Pilipinas ang 181,500 metriko toneladang repinadong asukal na bahagi ng 440,000 metriko toneladang asukal na iimport ng bansa, matapos ilabas ang kwesyunableng Sugar Order No. 6 noong Pebrero.

Ayon sa National Federation of Sugar Workers (NFSW), ang napakataas na presyong tingi ng asukal sa kabila ng pagbaha ng import ay “muling nagpapatunay na ang importasyon ay hindi ang sagot para ibaba ang presyo ng batayang mga bilihin.”

Kikbak sa importasyon

Umalma si NFSW Chairperson John Milton “Ka Butch” Lozande sa pagpapaliban ng imbestigasyon sa Senado sa ismagling ng asukal sa bansa na tinatayang kinasasangkutan mismo ng matataas na upisyal gubyrno.

“Habang nagpapatumpik-tumpik ang pamahalaan sa pag-imbestiga kay (Agriculture Senior Undersecretary Domingo) Panganiban, humahakot

ng kita ang mga trader na pinaboran nito, samantalang nalalagasan ang mga plantador at manggagawang agrikultural,” dismayadong pahayag ni Lozande. Si Panganiban ang nagpahintulot na mag-import ng asukal sa tatlong kwestyunableng kumpanya.

Aniya, lubhang nagdurusa na ang mga manggagawang bukid, tapasero at maliliit na plantador dito. Sa Negros, aniya, ang abereyds na kinikita ng isang mangagawa sa tubuhan ay ₱300 lamang kada araw, lubhang mababa pa sa minimim na sahod na dapat tinatanggap sa rehiyon.

Naapektuhan din ng importasyon ang operasyon at kalaunan ay pagsasara ng Central Azucarera Don Pedro, Inc (CADPI) sa Batangas na nagresulta sa pagkawala ng kabuhayan ng 125 manggagawa sa ilohan, 12,000 manggagawang bukid at 9,000 plantador.

Pagtataka ni Lozande, nagkakaroon ng maraming palit-palitan ng pwesto sa SRA sa kasagsagan ng pagtakbo ng imbestigasyon kabilang na ang pagtatalaga noong nakaraan kay Panganiban bilang officer in charge ng ahensya.

“Nakapagbalsa ba siya ng mga kikkak mula sa import, at ngayon ay umiiwas sa imbestigasyon?” pagkwestyon pa niya.

Itigil ang biglaang pagtaas ng singil sa kuryente ng Meralco—Makabayan

Mayo 4, 2023

Binatikos ni Assistant Minority Leader at Gabriela Women's Party Rep. Arlene Brosas ang pagpapatupad ng Manila Electric Company's (Meralco) ng dagdag na singil sa kuryente nitong linggo. Idinadahilan ng kumpanya ang pagsirit ng demand sa panahon ng matinding tag-init. Papatong pa ang taas-singil sa plano ng kumpanya na pagkulekta ng ₱7.9 bilyon na sinasabi nitong "under-recoveries" o di nabawing gastos.

Inihalintulad ni Rep. Brosas ang arbitraryong pagtaas sa singil sa "surge pricing" at iginiit sa kumpanya na kontrolin ang kanilang pagkagahaman.

"Talagang mag-iinit lalo ang ulo ng kababaihan at kanilang pamilya ngayong tag-init dahil sa surge pricing na ginagawa ng Meralco sa singil ng kuryente. Hindi naman ikalulugi ng Meralco kung tapyasan nito nang konti ang buwanang singil sa mga konsumer," giit ni Rep Brosas.

Dagdag pasakit umano ito sa mga konsyumer lalo pa sa harap ng kawalan ng umento sa sahod ng mga manggagawa at mataas na presyo ng pagkain at ibang bilingin.

Sa pahayag ng grupo, sinabi nitong ang netong kita ng Meralco ay lumaki nang 40.5% tungong ₱9.05 bilyon noong unang kwarto ng taon mula ₱6.44 bilyon noong nakaraang taon.

Binatikos din ni Rep. Brosas ang planong pangungulekta ng Meralco ng ₱7.9 bilyon sa mga konsyumer sa tabing ng "under-recoveries" mula 2020 hanggang 2021.

“Yung tubo ng Meralco sa unang kwarto pa lamang ng 2023, sobra-sobra na para tapatan itong sinasabing under-recoveries. Kaya dapat na harangin ang plano nitong kolektahin pa ang ₱7.9 billion sa mga kostumer,” pahayag ni Rep. Brosas.

Ang Meralco ay pinatatakbo ni Manny V Pangilinan, na siya ring nagpapatakbo sa telekomunikasyong Smart, PLDT at maraming iba pang malalaking negosyo. Isa ito sa may pinakamalaking kinikita sa buong bansa batay sa listahan ng BusinessWorld sa nangungunang 1,000 korporasyon.

Karapatan sa malayang pamamahayag, patuloy na sinisikil

Mayo 4, 2023

Sa halos isang taong pamumuno ng rehimeng Marcos Jr sa bansa, patuloy na naitatala ng grupong National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang maraming kaso ng paglabag sa karapatan sa malayang pamamahayag. Inilabas ng NUJP ang ulat na ito kahapon, kasabay ng paggunita sa World Press Freedom Day.

Pahayag ng grupo, habang mayroong mga tagumpay sa nagdaang mga taon para sa malayang pamamahayag, higit na nakararami sa kanila ang kumahaharap sa mga pagbabanta at namemeligro pa rin ang kalayan sa pamamahayag.

Sa huling tala ng grupo noong Abril 30, hindi bababa sa 60 ang naiulat na mga kaso ng

paglabag sa malayang pamamahayag. Kabilang dito ang dalawang kaso ng pagpatay, dalawang kaso ng pag-aresto, 19 kaso ng harasment sa porma ng paniniktik at abuso sa pananalita, siyam na kaso ng cyberlibel at libel, 12 kaso ng red-tagging at anim na mga kaso ng pagbabanta.

Sa mga kasong ito, 12 ang kinasasangkutan ng mga pwera ng seguridad ng estado habang siyam ay mula sa dati o kasulukuyang upisyal ng gubyrno. Ang ibang kaso ay kinasangkutan ng mga indibidwal, pribadong organisasyon at iba pa.

“Higit tatlong taon na nang ang ating katrabaho na si Frenchie Mae Cumpio ay inaresto sa reyd sa Tacloban City,” anang grupo. Paliwanag pa nila, “ang mabagal na pag-usad ng kaso—laluna kung ikukumpara sa mabilis na resolusyon ng iba, na mga kasong mas high profile—ay paglabag sa kanyang karapatan sa mabilis na paglilitis.”

Binatikos din ng NUJP ang Anti-Terrorism Act at SIM Card Registration Act na “naglilimita sa [kalayaan sa pagpapahayag] kung saan nagmumula ang kalayaan sa pamamahayag.” Dagdag ng grupo, “ang nangyari kay Frenchie ay isang kaso na nagpapakita kung paano ito magagawa o paanong ginagawa.”

Simula din umano sa panahon ng administrasyong Duterte, maraming kaso ng pagtatangka na kumbinsihin ang mga manggagawa sa midya na mag-disaffiliate sa mga grupo tulad ng NUJP at lantarang tangka na ipinta bilang mga kaaway ng estado ang mga independent at alternatibong

midya. “Ang mga ito ay nagpapatuloy pa rin sa ilalim ng bagong administrasyon,” paliwanag nila.

Sa huli, pahayag ng NUJP sa World Press Freedom Day, “ipinaalala natin sa ating mga sarili na magpapatuloy tayo sa paggigiit para maging malaya.”

Magsasaka, pinatay ng 94th IB; anak nito, pinagbabaril din

Mayo 4, 2023

Isang magsasaka ang dinampot ng 94th IB mula sa kanyang bahay sa Sityo Paloypoy, Barangay Buenavista sa Himamaylan City kahapon at saka ginapos, ininteroga at pinatay sa pamamagitan ng mga sundalo. Kinilala ang biktima bilang si Crispin Tingal Jr.

Si Tingal ay isang sibilyang magsasaka sa kanilang lugar. Kauwi lamang niya sa kanilang bahay mula sa isang seminar sa Kabankalan City na inilunsad ng lokal na guberno nang dinampot ng mga sundalo bandang alas-5 ng hapon.

Hindi pa nakuntento, hinabol din ng mga sundalo ang anak ng biktima at pinagbabaril. Nakatakas siya at nakaiwas sa pagpapaulan ng bala ng mga berdugo.

Ayon sa ulat ng grupo sa karapatang-tao na September 21 Movement South Negros, kasalukuyang nasa sentro ng ebakwasyon ang pamilya para makaiwas sa panggigipit ng mga sundalo. Nasa ebakwasyon din ang hindi bababa

sa walong pamilya na apektado ng karahasang militar ng 94th IB.

Hindi pa rin umano natutunton ang kinaroroonan ng bangkay ng biktimang si Tingal.

Mga manggagawang pangkalusugan, magmamartsa para sa dagdag sahod at regularisasyon

Mayo 4, 2023

Inianunsyo kahapon ng mga manggagawang pangkalusugan na nagbuklod sa ilalim ng grupong Health Workers United for Wage Fight (HWUWF) ang nakatakdang martsa nila sa darating na Mayo 5 para manawagan ng dagdag sahod, mga benepisyong regularisasyon at disentang trabaho. Kaugnay ito ng paggunita sa National Health Workers' Day sa darating na Mayo 7.

Ang grupo ay kinabibilangan ng mga unyon at manggagawang pangkalusugan mula sa mga pribado at pampublikong ospital sa bansa.

Giit ng grupo, ihaharap nila sa administrasyong Marcos ang panawagang tugunan ang matagal na nilang kahingian para sa karagdagang sahod, maramihang pagdadagdag ng mga manggagawang pangkalusugan, regularisasyon ng mga kontraktwal, pagbibigay ng benepisyong pang-Covid-19 at pagtataguyod ng kanilang mga karapatan.

“Kaming mga manggagawang pangkalusugan ay tapat na naglilingkod sa mamamayang Pilipino. Ngunit kahit nanumpa kaming magsilbi sa kanila,

hinaharap namin ang marahas na reyalidad ng lumulubhang kalagayan sa ekonomya,” pahayag ng grupo.

Paliwanag nila, “ang tumataas na presyo ng batayang mga bilihin at ang pagsipa ng tantos ng implasyon [ay] bumabakbak sa maliit na halaga ng kasalukuyang sahod.”

Anila, tulad ng maraming ordinaryong Pilipino, nais ng mga manggagawang pangkalusugan na matugunan ang kanilang batayang pangangailangan para sa pagkain, disenteng bahay at para makapag-apon.

“Pero paano?” tanong ng grupo. Kasalukuyang tumatanggap lamang ng ₱13,000/buwan ang mga Salary Grade 1 (SG1) na mga manggagawang pangkalusugan sa mga pampublikong ospital habang ang mga nasa pribado ay sumasahod lang ng ₱570 kada raw.

Panawagan ng HWUWF, dapat itakda ang SG1 na makatanggap ng ₱33,000 kada buwan at ₱1,100.00 kada araw sa mga nasa pribadong ospital.

Liban dito, giit ng mga manggagawang pangkalusugan ang kagyat na pagbibigay ng labis naantalang benepisyo tulad ng Health Emergency Allowance sa panahon ng Covid-19.

“(H)abang mayroong 21,038 pusisyong plantilla sa Department of Health, marami sa aming hanay ay kinukuha bilang kontraktwal o walang permanente pusisyon,” dismayadong pahayag ng

HWUWF. Dapat nang wakasan ang patakaran ng kontraktwalisasyon, anito.

“Pagod at demoralisado na kaming mga manggagawang pangkalusugan sa patuloy na pagbalewala ng DOH at gubyernong Marcos sa aming mga karapatan at kagalingan. Nananawagan kami sa gubyerno na kagyat na tugunan ang aming makatarungang mga panawagan dahil kung hindi ay maaaring bumagsak pa ang kalagayan ng pampublikong kalusugan sa bansa,” dagdag nila.

Mga rebolusyonaryo at progresibo, muling sinensor ng Twitter at Facebook

Mayo 4, 2023

Sunud-sunod na sinuspinde o binantaang isuspinde ng Twitter at Meta, kumpanyang mayari ng Facebook, ang rebolusyonaryo at progresibong mga akawnt sa mga platfom nito mula nakaraang linggo.

Pinakahuli dito ang pag-restrict o paglimita ng Meta sa Facebook account ng Bulatlat kahapon, Mayo 3, sa araw mismo ng malayang pamamahayag. Ayon sa alternatibong website, nakatanggap ito ng pabatid bandang alas-5:30 ng hapon na nagbabanta na matatanggal ang pahina dahil sa mga “paglabag” nito sa “community standards.” Arbitraryong tinanggal ng Meta ang isang panayam nito kay Benito Tiamzon, yumaong tagapangulo ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

na isinagawa noong panahon ng usapang pangkapayapaan sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Bago nito, sabay-sabay na sinuspinde ng Twitter ang mag akawnt ng Philippine Revolution Web Central (@prwc_info3), Ang Bayan (@angbayan1969) at ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng PKP (@marco_cpp). Kasamang tinanggal sa ere ang ilampu pang mga progresibo at rebolusyonaryong akawnt sa loob at labas ng bansa. Ito ay matapos lumaganap sa mga platform na ito ang anunsyo ng PKP ng pagkamatay ng mga lider nito na sina Benito at Wilma Tiamzon at panawagan para imbestigahan ang brutal na pagpaslang sa kanila ng mga pwersa ng AFP at ng US.

Kinundena ni Valbuena ang walang katapusang pangsesensor ng Twitter sa nilalaman ng rebolusyonayong kilusan. Aniya, bahagi iyon ng permanenteng panggigipit laban sa PKP at iba pang grupo para patahimikin ang mga pwersang anti-imperyalista at pigilang lumaganap ang rebolusyonaryong mensahe sa bansa.

Ang panggigipit ng Twitter ay tiyak na sinulsulan ng gubyernong Marcos at US, ani Valbuena. "Inilalantad nito na huwad ang sinasabing 'absolutong kalayaan' na diuamano'y paninindigan ng Twitter, at bahagi ng tumitinding panunupil sa kalayaan sa pamamahayag sa ilalim ng pandaigdigang paglakas ng pasismo."

Mula pa 2018 paulit-ulit na sinisikil ng Twitter at Facebook, gayundin ng Youtube, Google at iba pang social media platforms ang PRWC at ang

buong lambat ng mga rebolusyonaryong akawnt kung saan dumadaloy ang balita ng brutalidad ng AFP sa kanayunan at paglilinaw ng Bagong Hukbong Bayan sa mali at mapanirang mga pahayag ng AFP laban dito.

Isinasangkalan ng mga mga platform na ito ang arbitraryo at di makatarungang pagbansag ng US at papet na gubyerno ng Pilipinas sa PKP at BHB bilang mga “terorista” para bigyan-katwiran ang pangsesensor nito sa mga usaping umaapekto sa malaking bahagi ng mamamayang Pilipino. Nitong huli, higit pang pinahigpit ng Twitter ang pangsesensor at arbitraryong pagtatanggal ng mga post sa tinawag nitong mga “dog whistle” o mga post na diumano’y “nakakoda” para “ilusot” ang mga “panawagan para sa karahansan ng mga ekstremista.”

Tulad sa nakaraan, iginigiit ng rebolusyonaryong kilusan ang karapatan nito sa malayang pamamaayag at pagpapahayag para isiwalat ang tunay na kalagayan ng mamamayang Pilipino sa mga platform na ito. Sa ngayon, maaaring i-follow ang PRWC sa Twitter sa @prwc_info4. Maaari ding tingnan ang website nito sa philippinerevolution.nu at blog na prwcinfonewsroom.wordpress.com

Pribatisasyon ng NAIA, tulak ng US at kasosyo nitong mga kumprador

Mayo 4, 2023

Ilang araw bago ng isa na namang “brownout” sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) noong

Mayo 1, ibinalita ang muling pagkakabuo ng kalipunan ng ilang malalaking negosyante na nagtutulak para sa pribatisasyon nito.

Nagbigkis ang anim na pinakamalalaking burgesy-kumprador sa Pilipinas, kasosyo ang mga kapitalistang Amerikano, para kunwa'y "kumpunihin" o i-upgrade ang pangunahing paliparan sa bansa.

Nagsumite ng unsolicited proposal (o kontrata na inisyatiba ng pribadong sektor) ang Manila International Airport Consortium (MIAC). Binubuo ito ng Aboitiz InfraCapital Inc., AC Infrastructure Holdings Corporation ng pamilyang Ayala, Asia's Emerging Dragon Corporation ni Lucio Tan, Alliance Global - Infracorp Development Inc. ni Andrew Tan, Filinvest Development Corp ng pamilyang Gotianum at JG Summit Infrastructure Holdings Corp, ng pamilyang Gokongwei.

Kasosyo ng MIAC ang Global Infrastructure Partners (GIP), isang kumpanyang Amerikano na nagpapautang at namumuhunan sa malalaking proyektong imprastruktura sa iba't ibang bahagi ng mundo. Nagkakahalaga ang proyektong NAIA ng ₱100 bilyon.

Naghapag na ng parehong panukala ang MIAC noong 2018 na pinangungunahan ng Metro Pacific Investments Corporation na pinatatakbo ng burgesyang kumprador na si Manny Pangilinan.

Bukambibig ng mga burukrata ng reaksyunaryong estado, kakoro ng mga burgesy kumprador at kanilang mga dayuhang kasosyo na

magiging “mas episyente” at “world class” ang anumang pampublikong yutilidad na isinasapribado. Malayo ang katotohanan nito sa Pilipinas kung saan nagbunsod lamang ang mga pribatisasyon ng mas mataas na singil at bulok na serbisyo. Ganito ang karanasan ng mamamayan sa naging pribatisasyon ng tubig, kuryente, transportasyon at sistema ng tren.

Sa ngayon, pribatisado na ang operasyon sa mga paliparan ng Cebu at Clark (Pampanga). Balak ring isapribado ng estado ang mga paliparan sa Bohol, Laguindingan (Cagayan de Oro), Bacolod, Davao, Iloilo at Puerto Princesa (Palawan.)

Red-tagging at panggigipit sa mga maralita sa Caloocan, binatikos

Mayo 4, 2023

Kinundena ng grupo ng maralita na Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) ang pagpapatipon at pang-reredtag ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa mga maralitag lunsod na kasapi ng Zone One Tondo Organization (ZOTO) at Koalisyon ng Maralita (KnM) sa Caloocan City noong Abril 22.

Pinalalabas ng DSWD na ang 300 myembro ng naturang mga organisasyon na binigyan nila ng mga ayudang food pack ay mga “dating grupong sumusuporta sa CPP-NPA-NDF.”

Giit ng Kadamay, “hindi kasama sa mandato ng [DSWD] ang paggamit ng pondo ng bayan upang takutin ang mga residente ng maralitag

komunidad at maging kasangkapan sa patuloy na atake sa demokratikong karapatan ng maralita para mag-organisa.”

Paliwanag ng grupo, ang pagsali sa mga lehitimong samahan at sa mga pakikibaka nito para sa kabuhayan at katiyakan sa paninirahan ay kanilang karapatan at itinataguyod mismo ng Konstitusyon ng Pilipinas. Walang masama at walang krimen dito.

Ang pagdadawit sa mga sibilyan sa armadong rebolusyonaryong kilusan ay malubhang paglabag sa internasyunal na makataong batas at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nilalabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

Dagdag ng Kadamay, mali at masama ang ginagawa ng DSWD na pamimili ng mga makikinabang sa serbisyo nito. Nagaganap umano ang anomalyang ito sa kabila ng patong-patong na burukrasya’t paghingi ng sandamakmak na requirements ang hinihingi ng ahensya sa harap ng kabi-kabilang sakuna tulad ng baha, bagyo, o sunog, at lalo na sa gitna ng papalalang krisis ng kahirapan at kagutuman, ayon sa Kadamay.

Maraming kaso na ng pagpapatipon at malisyosyong pagdadawit sa mga sibilyan sa armadong rebolusyonaryong kilusan at sapilitang pagpapasuko sa kanila ang naitala sa nagdaang mga taon, pareho sa kalunsuran at kanayunan.

Tigil-pasada, ikakasa ng mga drayber at opereytor sa Bacolod City

Mayo 4, 2023

Maglulunsad ng tigil-pasada ang mga drayber at opereytor ng mga dyip sa Bacolod City sa darating na Mayo 8. Ipapanawagan ng mga grupo sa pangunguna ng No To Jeepney Phaseout Movement Negros ang pagbabasura sa City Ordinance 966 o ang Local Public Transport Route Plan (LPTRP) na nagsasapanganib sa kabuhayan ng mga nagpapatakbo ng tradisyunal na dyip.

Ang LPTRP ay ipinasa ng Sangguniang Panlungsod ng Bacolod City noong Oktubre 2021 sang-ayon sa pagpaptupad ng jeepney phaseout sa tabing ng “modernisasyon” ng pambansang gubyrerno. Itinatakda ng LPTRP ang mga binagong ruta at klase ng mga dyip na maaaring bumyahe sa lungsod.

Lalahok sa naturang pagkilos ang mga grupong United Negros Drivers and Operator Center (UNDOC - PISTON), Commuters Operators and Drivers Incorporated (BACOD), Negros Bacolod Transport Coalition (NBTC), at ang Negros Consumers Watch (NCW).

Giit ng mga grupo, dapat sumunod ang Bacolod City sa sinabi ng pambansang upisina ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na i-rerenew ang lahat ng prangkisa ng dyip habang hindi pa nailulunsad ang rebyu sa mga patakaran kaugnay ng jeepney phaseout.

Giit nila kay Mayor Alfredo Benitez, pakinggan niya ang libu-libong drayber at opereytor ng tradisyunal na dyip imbes na ang iilang mga korporasyon at kooperatiba lamang na pinapaboran niya. Magpoprotesta ang mga grupo sa Bacolod City Government Center sa Lunes.

Nakiisa din sa anunsyo ng pagkilos at tigil-pasada si dating BAYAN MUNA Partylist Representative Atty. Carlos Zarate.

Live-fire exercises ng AFP sa Claveria, abala sa mamamayan

Mayo 5, 2023

Ilang beses nagpapatok ng kanyon ang mga tropa ng 58th IB at 4th Field Artillery Battalion sa Sityo Man-ibay, Barangay Aposkahoy, Claveria, Misamis Oriental noong Abril 26 bilang bahagi ng live-fire exercises ng mga sundalo. Labis na kaba at abala ang idinulot nito sa mga residente at kanilang mga kabuhayan.

Nagpahayag ng pagkadismaya ang mga residente sa social media. Anang isang nagkomento, mistulang nasubok “ang kanilang kaba” dahil sa praktis na pagpapatok ng mga kanyon sa lugar.

Gumamit ang Philippine Army ng dalawang 105mm Standard Howitzer.

Ang isinagawang ehersisyo ay mistulang pagprotekta din ng mga sundalo sa mga plantasyon ng pinya ng Del Monte Philippines na nasa Barangay Aposkahoy.

Noong 2017 ay malawakang binuldoser at pinatag ng kumpanyang Del Monte Philippines para sa mga plantasyon nito ang malawak na lupain na reforested at maburool sa barangay. Hindi bababa sa 137 ektaryang plantasyon ang nakatirik sa lupang ninuno ng mga Higaonon sa naturang lugar. Sa buong bayan ng Claveria, “inuupahan” ng Del Monte ang hindi bababa sa 1,918 ektaryang lupa para sa mga “agri-industrial site” nito. Ang kumpanyang Del Monte ay subsidyaryo ng Del Monte Pacific Limited (DMPL).

Noong 2009 ay binigyan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ng environmental compliance certificate (ECC) ang Del Monte para magtayo ng mga plantasyon ng pinya sa 13 barangay sa Claveria kabilang ang Ani-e, Bangun-bangun, Cabacungan, Gumaod, Hinaplanan, Kalawitan, Luna, Patrocinio, Plaridel, Poblacion, Punong, Rizal, at Tambobo-an.

Nang sumapit ang 2019, sinaklaw nito ang karagdagang lupa sa mga barangay ng Man-ibay, Aposkahoy, Bulahan, Lanise, Madaguing, Malagana, Sta. Cruz, at Tipolohon.

Panawagan para sa makabuluhang dagdag sahod, dumagundong noong Mayo Uno sa TK

Mayo 6, 2023

Sa unang Mayo Uno ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II, muling nagrehistro ang uring manggagawa at mamamayan sa Timog Katagalugan ng kanilang kahingi-ang dagdag-sahod, makatarungan, nakabubuhay at ligtas na trabaho, at pagkilala at pagtatanggol sa karapatang-tao. Kumilos ang aabot sa 3,000 katao mula sa hanay ng mga unyonisadong manggagawa at mga mamamayan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan, 120 taon mula ang unang pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Pilipinas.

Kumilos ang aabot sa 3,000 katao mula sa hanay ng mga unyonisadong manggagawa at mga mamamayan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan, 120 taon mula ang unang pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Pilipinas.

Mga desentralisadong programa sa umaga

Sinimulan ng lagpas 2,000 manggagawa ang araw sa mga symposia at porum ukol sa kalagayan ng sahod at karapatan sa umaga. Nagtipon-tipon ang mga unyonisadong manggagawa sa mga engklabo sa mga lungsod ng San Pedro, Santa Rosa, Biñan, Cabuyao at Calamba, Laguna; at sa Imus at Rosario sa Cavite, na pinangunahan ng mga lokal na mga aliyansa ng manggagawa.

Ipinanawagan nila ang pagtaas at pagsasabansa ng minimum na sahod mula sa rehiyonal at kada-bayan/kada-lungsod na minimum wage sa Calabarzon, pagwawakas sa paniniil ng AFP-PNP-NTF-ELCAC at kapitalista sa mga unyon na pumapasok sa sama-samang pakikipagtawaran (collective bargaining) sa kapitalista, at ang pagtigil ng ibayong pagpapagamit ng Pilipinas sa teritoryo at rekurso nito sa imperyalismong Estados Unidos sa pamamagitan ng Enhanced Defense Cooperation Agreement.

May mga unyon din mula sa iba't ibang sentro ng paggawa na lumahok sa pambansang pagkilos noong Mayo Uno para ipanawagan ang pagtaas ng sahod at pagkilala at pagtupad ng rehimeng US-Marcos II sa mga batas at komitment ng estado sa mga kumbensyon ng International Labor Organization. Nanindigan din ang mga manggagawa na dapat panagutin si Marcos Jr. at Rodrigo Duterte sa mga matitinding paglabag sa karapatan ng manggagawa sa pag-oorganisa, paghahayag, at sama-samang pagkilos.

Samantala, nagsagawa rin ng maikling programa ang mga kabataang-estudyante ng UP Los Baños sa harap ng Star Commercial sa Los Baños at ang Bagong Alyansang Makabayan sa Cavite sa lungsod ng Bacoor.

Nagsagawa naman ng pamumulyeto at pag-aanunsyo sa mga lungsod ng Tanauan sa Batangas at Antipolo sa Rizal.

Pagpapapansin at pambubulabog ng kaaway

Lubhang mas malaki ang resulta ng naging pagkilos ng mga manggagawa sa Mayo Uno kaysa mga puta-putaking aksyon ng reaksyunaryong estado. Noong umaga, naglunsad ng programa ang kapulisan ng Biñan sa labas ng LIIP. Walang-kahihiyang inimitahan pa ng mga pulis Biñan ang mga manggagawang nagsasagawa ng hiwalay na programa sa malapit ngunit itinakwil ito ng mga manggagawa.

Samantala, tampok pa rin ang patuloy na pagkakampo ng 2nd CMO Battalion ng 2nd Infantry Division ng Philippine Army sa Berkeley Subdivision, Brgy. Pulong Sta. Cruz sa lungsod ng Santa Rosa, isang komunidad ng mga manggagawa. Sa parehong lugar nagkakampo ang TF-ELCAC kung saan inaresto ang lider-manggagawang si Arnedo Lagunias noong Marso 5, 2021.

Panrehiyong programa sa Crossing Calamba

Kinahapunan, nagtipon-tipon ang halos 3,000 mamamayan sa apat na bahagi ng Calamba Crossing upang ihudyat ang simula ng panrehiyong programa. Itinanghal ng mga manggagawa ang Limang Dakilang Guro; Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao; at itinanghal din si Kasamang Jose Maria Sison.

Nagdala rin ng mapupula at makukulay na mga istrimer at plakard ang mga sumuportang delegasyon mula sa iba't ibang sektor.

Isinalarawan nila ang kalagayan ng mga manggagawa sa isang effigy na nagpakitang papet

silang Marcos at Sara Duterte ng imperyalismong US sa katauhan ng pangulo nitong si Joe Biden, lulan ang limpak-limpak na salaping kinulimbat sa kaban ng bayan at mga armas na tinatapat sa manggagawa at mamamayan. Winasak ito sa dulo ng programa. (Ulat ng Kalatas.)

Ehersisyong militar panghimpapawid, inilulunsad ng PAF at tropa ng US sa bansa

Mayo 7, 2023

Tatagal nang hanggang Mayo 12 ang inilulunsad na ehersisyong militar panghimpapawid na Cope Thunder ng Philippine Air Force (PAF) at US Air Force sa bansa. Nagsimula ito noong Mayo 1, ilang araw lamang matapos ang pinakamalaking ehersisyong Balikatan sa bansa. Inilulunsad ang pagsasanay sa Clark Air Base sa Pampanga. Huling inilunsad ang gayong pagsasanay noong dekada 1990 bago ibinasura ng Senado ang kasunduan para sa pananatili ng mga base militar ng US sa bansa.

Lumalahok sa naturang pagsasanay ang 160 myembro ng US Air Force at 400 tauhan ng PAF.

Ayon mismo sa tagapagsalita ng Philippine Airforce, ang pagsasanay ay may dalawang yugto. Ang una ay para sa mga depensibong aksyon, habang ang pangalawa ay nakatuon sa mga operasyong opensibo. Ang mga opensibong atake ay nakatuon para sa mga mga “kaaway na target” sa ere at sa lupa.

Dalawang beses na idadaos ang Cope Thunder ngayong taon. Ang pangalawang serye ay idadaos mula Hulyo 2 hanggang Hulyo 21.

Tulad ng Balikatan at karagdagang mga “pinagkasunduang lokasyon” ng mga base militar ng US sa bansa sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement, ang Cope Thunder ay kabilang sa estratehiyang pang-uupat ng US laban sa katunggaling imperyalistang bansang China.

Pagbaba ng implasyon, hindi dama ng mahihirap

Mayo 7, 2023

Kinastigo ni House Deputy Minority leader at ACT Teachers party-list Rep. France Castro ang sinasabing pagbagal ng implasyon noong Abril tungong 6.6% mula 7.6% noong Marso. Ayon sa kanya, “halos hindi ito nadarama ng mayorya ng mga Pilipino laluna ang mga mahihirap.”

“Sa mahihirap at kulang sa pambili ng pagkain, hindi ramdam ang sinasabing bumaba daw ang implasyon. Hanggang nananatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa at kumakalam ang sikhura ng karamihan, walang saysay na ipagmalaki ito ng guberno,” ayon sa mambabatas.

Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), ang pambansang abereyds na buwanang poverty threshold ng isang pamilya ng lima ay umaabo ng Php12,030. Nakabatay ito sa ₱79 kada araw kada tao na pamantayan ng kahirapan.

Malayo ito sa abereyds na natatanggap na pambansang minimum na sahod na umaabot lamang ng ₱8,902 kada buwan o 26% na mas mababa. Mas malala pa, ang nominal na sahod ay 63% na mas mababa sa buwanang abereyds na halaga ng family living wage na ₱23,787.

Tinukoy pa ni Rep. Castro na lubhang malayo ang aktwal na implasyon sa unang target ng Bangko Sentral ng Pilipinas na 2-4 porsyentong tantos.

Nananatiling isa sa pinakamataas ang tantos ng implasyon sa Pilipinas sa buong Southeast Asia, ayon sa Ibon Foundation. Ito ay dahil patuloy na tumatanggi ang rehimeng Marcos na tanggalin ang pabigat na buwis tulad ng value added tax at excise tax sa mga produktong petrolyo.

“Para maging masaya ang mga manggagawa, guro, nars at empleyado ng guberno sa bumabagal na implasyon, dapat itaas muna ng administrasyong Marcos ang arawang minimum na sahod,” dagdag ni Rep. Castro.

Noong Mayo 1, iginiit ng mga manggagawa at ibang sektor ang dagdag-sahod, disenteng trabaho at karapatan sa paggawa sa pangunguna ng All Philippines Trade Union. Naglunsad din ng pagkilos ang mga guro, manggagawang pangkalusugan at empleyado ng guberno para sa dagdag sweldo at pagtutol sa kontraktwalisasyon.

Piket kontra pagtataas ng singil sa kuryente, inilunsad

Mayo 7, 2023

Nagpiket ang mga kababaihan sa harap ng upisina ng Meralco Business Center sa Kamuning, Quezon City noong Mayo 5 para kundenahin ang nakatakdang pagtataas ng singil sa kuryente ng naturang kumpanya. Dala-dala ng mga nagprotesta ang kani-kanilang resibo sa kuryente na nagpapakita ng paglaki ng singil sa kanila.

Idinadahilan ng Meralco ang “mainit na panahon” sa nagdaang buwan para bigyang katwiran ang pagtaas ng singil. Dagdag dito ang ₱7.9 bilyong umano’y “under-recoveries” o di nabawing gastos.

“Magdidilim talaga ang paningin ng mamamayan sa pagtataas ng singil sa kuryente sa gitna ng tumitinding krisis at napakababang sahod ng mga manggagawa. Sa pagkaganid at pagkasugapa sa tubo ng Meralco, walang liwanag na natatanaw sa buhay ang mga mamamayan,” pahayag ni Gabriela Women’s Party Secretary General KJ Catequista.

Sa pahayag ng grupo, sinabi nitong ang netong kita ng Meralco ay lumaki nang 40.5% tungong ₱9.05 bilyon noong unang kwarto ng taon mula ₱6.44 bilyon noong nakaraang taon.

“Sobra-sobra na nga ang kinita, gusto pang magkamal ng mas malaki mula sa ordinaryong mamamayan na hindi na nga mapagkasya ang ₱570 na arawang sahod,” dagdag ni Catequista

“Hindi dapat payagan na mangulekta pa ng ₱7.9 bilyon ang Meralco. Responsibilidad din ng gubyrno na tiyakin na ang basic commodities tulad ng kuryente ay abot-kaya ang presyo,” pagtatapos niya.

Ang Meralco ay pinatatakbo ni Manny V Pangilinan, na siya ring nagpapatakbo sa telekomunikasyong Smart, PLDT at maraming iba pang malalaking negosyo. Isa ito sa may pinakamalaking kinikita sa buong bansa batay sa listahan ng BusinessWorld sa nangungunang 1,000 korporasyon.

4 armadong aksyon sa 6 na araw, inilunsad ng BHB-Southern Panay

Mayo 8, 2023

Magkakasunod na armadong aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southern Panay (Napoleon Tumagtang Command) sa timog na bahagi ng isla ng Panay mula Mayo 2.

Una sa serye ang operasyong harassment laban sa mga sundalong nakahimpil sa CAA Detachment sa Barangay Luyang, Sibalom, Antique sa ganap na alas-10 ng gabi noong Mayo 2.

Sinundan ito ng aksyong pamamarusa ng BHB noong Mayo 5 sa Atrila Builders Inc sa Barangay Cabungaan, Leon, Iloilo. Ang kumpanya ay halos 2 kilometro lamang ang layo sa isang CAA Detachment sa Barangay Maliao sa naturang bayan.

Sa ulat ng yunit, apat na kagamitan sa konstruksyon ang naparalisa, kabilang na ang backhoe, grader, elf truck, at pison. Tinatayang umabot sa ₱900,000 ang kabuuang halaga ng mga kagamitan. Pinatawan ng kaparusahan ang naturang kumpanya dahil sa maraming reklamo

ng mga manggagawa nito tulad ng hindi pagpapasahod ng tama at hindi maayos na kundisyon sa paggawa.

Noon namang Mayo 6, pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng Philippine Army na reresponde sana sa kumpanya at maglulunsad ng operasyon laban sa BHB. Pinatamaan ng BHB ang isa sa tatlong van na naglululan ng mga sundalo gamit ang command-detonated explosive (CDEx).

Natumba at sumandal sa bangin ang sinasakyan ng mga sundalo. Dulot ng operasyong demolisyon, napaatras ang tropa ng militar at hindi nagpatuloy sa kanilang nakatakhang operasyon sa lugar.

Kinaumagahan naman ng Mayo 8, pinaputukan ng isang yunit ng NPA ang CAA Detachment sa Barangay Igcococ, Sibalom, Antique.

“Ang mga aksyong ito’y nagpapakita ng pagsisikap ng mga yunit ng NPA na labanan at biguin ang tumitinding atake ng kaaway sa ilalim ng pasistang rehimeng US-Marcos II,” pahayag ng BHB-Southern Panay.

Giit nila, “sinasalamin din nito ang patuloy at walang humpay na suporta ng mamamayan sa kanilang hukbo at sa rebolusyonaryong pakikibaka.”

Gawa-gawang kaso laban sa unyonista ng BPO, ibinasura

Mayo 8, 2023

Ibinasura ng isang lokal na korte ang isinampang kaso ng National Task Force-Elcac noong 2021 laban kay Lean Porquia, lider-unionista ng grupong BPO Industry Employee's Network (BIEN). Sa pahayag ng grupong Citizens Rights Watch Network (CRWN) noong Mayo 3, sinabi nitong hindi kagulat-gulat na maibabasura ang naturang kaso dahil wala itong batayan.

Ang isinampang kaso laban kay Porquia at kay Prof. Jose Maria Sison ay may kinalaman sa pagrerekrut ni Porquia sa isang mag-aaral sa League of Filipino Students noong 2007 na kinalaunan ay sumapi umano sa Bagong Hukbong Bayan.

Ibinasura ng naturang korte ang kaso dahil sa kawalan ng “probable cause” batay sa mga testimonya at ebidensyang isinumite ng nag-aakusa.

Sa resolusyon ng korte, sinabi nitong “there is no iota of proof that the LFS was or is engaged in any armed activities” (“walang katiting na patunay na ang LFS ay lumahok o patuloy na lumalahok sa armadong aktibidad.”)

“Hindi na kami nasorpresa na ang kasong isinampa laban kay Lean ay hindi makatitindig sa korte, tulad ng maraming iba pang kaso ng gawa-gawang mga kaso laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao,” pahayag ng CRWN.

Giit pa nila, ang mga kasong isinampa ay walang iba kundi panghahas at pananakot sa mga aktibista. “Matagal nang nirered-tag si [Lean]

para sa kanyang mga gawain bilang tagapagtanggol ng karapatang-tao,” pahayag pa ng CRWN.

Gayundin, ang kanyang pamilya ay kumakaharap sa panggigipit ng estado. Ang ama ni Lean na si Jory ay pinatay ng mga ahente ng estado noong Abril 2020 sa Iloilo City. Pinagbabaril siya ng 14 na beses habang nagsasagawa ng tulong pangkabuhayan noong kasagsagan ng lockdown kaugnay sa pandemya.

Pinuri din ng BIEN ang desisyon ng korte. Pahayag nito, nasa panig nila ngayon ang hustisya. Dagdag pa ng grupo, ang serye ng mga pag-atake laban sa BIEN at mga upisyal at kasapi nito ay nagpapatunay na maging ang mga unyon ay hindi palalampasin ng malupit na NTF-Elcac.

“Paulit-ulit man nila kaming atakehin...alam naming lumaban. Hindi kami mga kriminal. Kami ay mga unyonista at nais lang namin ng mas maayos na kundisyon sa paggawa para saming mga kapwa manggagawa sa BPO,” giit ng grupo.

Mga residente ng pabahay sa Pandi, nagkamit ng serbisyong patubig

Mayo 8, 2023

Ipinagdiwang ng grupong Kadamay ang pagdaloy ng tubig sa BFP Pabahay sa Pandi, Bulacan. Binati nito ang mga residente na walang kapaguran at sama-samang ipinaglaban ang kanilang karapatan sa batayang serbisyong panlipunan.

“Matapos ang anim na taon ng paghihintay, nakamit na rin sa wakas ng mga taga BFP Pabahay sa Pandi, Bulacan ang kanilang hiling na serbisyong patubig,” pahayag ng grupo noong Mayo 6. Taong 2017 nang unang manirahan ang mga residente sa BFP Pabahay, at mula noon ay kalbaryo na ng mga tao ang kawalan ng serbisyo sa tubig, anito,

Pahayag ng Kadamay, karaniwang problema sa mga pampublikong pabahay ang kawalan ng batayang mga serbiyo tulad ng tubig at kuryente. Dahil dito, napipilitan ang mga residenteng maralita ng magbayad ng mas mataas sa regular na singil para makatagal sa kanilang mga bahay.

Ayon sa grupo, umaabot sa ₱500 ang binabayad ng karamihan at may ilan na umaabot ang kanilang bayarin sa ₱4,500 kada buwan sa ginawang negosyong batayang serbisyo. Giit ng mga residente, sakop ng pagkakaroon ng disenteng paninirahan, na karapatan ng lahat, ang sapat na akses sa tubig, kuryente, edukasyon at kabuhayan.

Kasabay nito, binweltahan ng Kadamay ang NTF-Elcac na matagal nang naninira sa organisasyon.

“Kalimitang pangako ng NTF-ELCAC sa mga hinikayat nilang sumapi sa kanila ang ibayong ginhawa, ngunit napatunayan ng mga taga-BFP Pabahay na hindi NTF-ELCAC ang maghahatid ng ginhawa at esensyal na serbisyo sa mga tao, kundi ang mga tao mismo na nagsasama-sama sa kabila ng mga banta at pananakot ng mga elemento ng pamahalaan,” anito.

‘Ilitaw ang Taytay 2’, ‘Palayain ang Mansalay 2’, sigaw ng mga katutubo

Mayo 9, 2023

Nagprotesta ang mga grupo ng pambansang minorya at kanilang mga tagasuporta sa Commission on Human Rights sa Quezon City noong Mayo 5 para ipanawagan ang pagrespeto sa karapatan ng mga tagapagtaguyod ng karapatan ng katutubo na dinukot at iligal na inaresto ng mga pwersa ng estado sa nagdaang buwan.

Nanawagan ang mga grupo na ilitaw ang Taytay 2 na kinabibilangan ni Gene Rox Jamil “Bazoo” de Jesus, myembro ng Philippine Task Force for Indigenous Peoples (TFIP), at Dexter Capuyan, isang katutubong Bontoc-Ibaloi-Kankaney na limang dekada ng nakikibaka sa Cordillera. Sila ay hinihinalang dinukot ng mga pwersa ng estado noong Abril 28 habang papunta sa Taytay, Rizal para magpa-ospital si Capuyan.

Kagyat na pagpapalaya naman ang panawagan nila sa Mansalay 2 na sina Arnulfo Aumentadi at Mary Joyce Lizada na mga miyembro ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK), ang panrehiyong organisasyon ng mga katutubo ng Timog Katagalugan. Ang dalawa ay dinukot ng mga ahenteng militar noong Abril 24 sa Mansalay Oriental Mindoro at kalaunan ay inilitaw ng militar na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Ayon kay Eufemia Cullamat, tagapagsalita ng Sandugo – Movement of Moro and Indigenous

Peoples for Self-Determination, “ang pagkukulong kina Mary Joyce at Arnulfo at pagkawala nina Dexter at Bazoo ay patunay na nagpapatuloy at tumitindi ang atake sa pambansang minorya at human rights defenders sa ilalim ng administrasyon ni Marcos Jr.”

Giit pa ni Cullamat, “maliban sa minana (ni Marcos Jr) sa kanyang ama, ang panlilinlang sa mga katutubo, pandarambong sa lupang ninuno, at kultura ng pagpatay ay ipinagpapatuloy at sumusunod sa yapak ng kriminal na si Rodrigo Duterte.”

Sangkot din umano sa mga krimeng ito sa mga katutubo ang National Task Force-Elcac na pangunahing nanreredtag sa mga lehitimong organisasyon na humahantong sa iligal na pagdakip, pagkulong base sa mga gawa-gawang kaso, pagpatay, at iba pang porma ng panunupil at pandarahas sa mamamayan.

Samantala, inilantad ng Karapatan-Southern Tagalog ang kasinungalingan ng mga sundalo ng 2nd ID na “maayos” nilang tinanggap ang pamilya, abogado, at human rights team sa kanilang kampo na naroon para bisitahin sina Aumentado at Lazada. Ang katotohanan, anang grupo, paulit-ulit na pinigilan at ginipit ang mga kaanak at paralegal ng Karapatan-Southern Tagalog sa pagbisita nito.

Anang grupo, “naglabas pa sila ng mga litrato na nagtatanim at kumakain ang pamilya at abogado, may kasama pang tarpaulin na ginagamit ang

opisyal na logo ng Karapatan Southern Tagalog nang walang pahintulot sa aming grupo.”

Salaysay nila, noong Abril 30, pinaghintay sa gitna ng init ang ama ni Lizada at hindi rin pinakikinggan ang Karapatan sa kanilang kahilingang makabisita. Noong Mayo 2 naman, binalak pa ng militar na paghintayin nang limang oras ang pamilya.

Himutok nila, “pilit niyo pang hinihiwalay ang pamilya sa kanilang abogado, at kailangan pang makipaggitgitan sa inyo para lang galangin ninyo ang karapatan ng pamilya at detinado.”

Pagpatay ng SAF sa 2 sibilyan sa Northern Samar, pinalalabas na engkwentro

Mayo 9, 2023

Umalma at umapela ng hustisya ang mga kaanak ng dalawang sibilyang biktima na brutal na pinatay ng mga pwersa ng Philippine National Police-Special Action Force (PNP-SAF) sa Sityo Ibaliw, Barangay Sangay, Palapag, Northern Samar noong Mayo 5. Kinontra nila ang sinasabi ng PNP-SAF na ang mga sibilyang sina Joel Balading Recare at Oscar Alastoy ay mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga napatay sa engkwentro.

Imbwelto sa naturang krimen si Police Lt Francisco na siyang namumuno sa yunit ng PNP-SAF na nag-operasyong lugar. Pinalalabas nitong

nakasagupa nila ang 20 mandirigma ng BHB na humantong sa pagkamatay ng dalawa.

Pinabulaanan ng mga kaanak na sila ay mga mandirigma ng BHB. Inilinaw din nila na ang dalawa ay pawang mga residente ng Barangay Capacujan at nasa lugar ang dalawa dahil 'chainsaw helper' ang mga ito. Maging ang punong barangay ng Barangay Capacujan ay nagpatunay na mga sibilyan ang dalawa at wala umanong negative record o hindi man lamang kasama sa watchlist ang nabanggit na mga indibidwal.

Ipinahayag pa ng pamilya ang labis na pagkadismaya at hinagpis dahil higit 24 oras pa bago nadala ang mga bangkay sa Regional Health Unit at nasa state of decomposition na ang mga ito.

Kinundena ng grupo sa karapatang-tao na Karapatan ang karumal-dumal na krimen ng mga pwersa ng estado. Anila, isa itong malubhang paglabag sa internasyunal na makataong batas. Ayon pa sa grupo, "ang mga sibilyan ay higit na binibiktima ng rehimeng Marcos Jr sa brutal na gerang kontra-insurhensya nito."

Nanawagan din ang grupo sa Commission on Human Rights na magsagawa ng masinsing imbestigasyon sa kasong ito.

Kamakailan lamang, naiulat din ang sadyang pagpatay ng militar sa isang sibilyang magsasaka sa Sityo Ulo-Tuburan, Barangay Buenavista,

Himamaylan City noong Mayo 3 at isa pang kaso sa Balbalan, Kalinga sa parehong araw.

Pandaigdigang Araw ng Aksyon Laban sa G7, ipinanawagan

Mayo 9, 2023

Nanawagan ang International People's Front sa mga demokratiko at progresibong grupo sa buong mundo na magsagawa ng mga pagkilos at pagtitipon bilang protesta sa nakatakdang pagpupulong ng G7 sa Japan sa Mayo 19-22.

“Sa pamumuno ng US, gumagamit ang G7 ng mga sangsyon, lakas militar, interbensyon, agresyon, pananakop at gera para ipataw ang isang internasyunal na kaayusan ng imperyalistang dominasyon, opresyon at pagsasamantala,” pahayag ng IPF. “Tatlo sa kapangyarihang G7 ay may mga arsenal na nukleyar at dalawa ay nagbabahay ng baseng nukleyar ng US sa loob ng kanilang mga teritoryo, habang ang Japan at Canada ay nagpapahintulot ng pagbabase ng US bombers na may kapabilidad na nukleyar.”

Ang nakatakdang pulong nito sa susunod na linggo, itutulak ng G7 ang “muling pag-aarmas ng Japan” bilang nangungunang kapangyarihang militar nito sa Asia at para manguna sa opensibo nito sa China.

“Lampas doble na itinaas ng Japan ang badyet pangmilitar nito para sa taon,” pahayag ng IPF. Bago nito, nag-anunsyo ng kani-kanilang “pivot” sa Asia ang France at Canada. Noong nakaraang

linggo, inianunsyo ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) ang pagbubukas ng “upisina” sa Japan, ang kauna-unahan nito sa Asia.

Tinawag ng IPF na “nakaiinsulto” sa mga biktima ng pang-aataakeng nukleyar na isasagawa ng G7 ang pagpupulong sa Hiroshima, isa sa dalawang syudad na binomba ng US ng armas nukleyar noong panahon ng Ikalawang Digmang Pandaigdig.

Kontrolado ng G7 (US, Germany, Japan, France, UK, Italy at Canada ang mahigit kalahati ng yaman ng mundo. Dito nakabase ang pinakamalalaking kumpanya, gayundin ang pinakamayayamang indibidwal. Ang kanilang yaman ay nagmumula sa pagdambong nila sa natural na rekurso ng mga malakolonya at pagsasamantala sa mga mamamayan nito.

“Winawasak ng mga maka-tubo at kontra-mamamayang patakarán ng G7 ang kabuhayan ng mayorya at inaagnas ang demokrasya sa loob at labas ng kanilang mga bansa,” ayon pa sa IPF. “Para magkaroon ng tunay na pagbabago, dapat hamunin ang kanilang kapangyarihan ng mamamayan.”

Ilulunsad ng IPF at Resist US-Led Wars Movement ang isang “counter-summit” sa Hiroshima, Japan sa mga araw ng pagpupulong ng G7.

Moratoryum sa bagong mga proyektong reklamasyon, ipinag-utos

Mayo 10, 2023

Pansamantalang ititigil ng Philippine Reclamation Authority (PRA) ang pagtanggap ng bagong mga aplikasyon para sa mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay at iba pang bahagi ng bansa. Inamin ng ahensya na ang pagtigil ay bunga ng mariin at malawak na pagtutol ng mga organisasyong pangkalikasan, apektadong komunidad at mga eksperto laban dito.

Kasunod ito sa isang porum na ipinatawag ng Department of Environment and Natural Resources kung saan binigyan ng puwang para makapagsalita ang mga eksperto, mangingisda at syentista. Idiniin sa porum na ito ang malalalang epekto ng reklamasyon at dredging sa karagatan at mga baybay ng bansa.

Sa kabila ng tagumpay na ito, hindi pa tapos ang laban, ayon sa People's NICHE, isang alyansa ng mga mga organisasyon at syentistang kontra-reklamasyon. Ito ay dahil magtutuloy ang 22 proyektong reklamasyon na binigyan ng permit sa ilalim ng rehimeng Duterte at nasa iba't ibang antas na ng operasyon. Kabilang dito ang 2,500-ektaryang Aerotropolis ni Ramon Ang at San Miguel Corporation sa Bulacan. Ilan pa ang reklamasyon sa Baseco at sa paligid o malapit sa embahada ng US sa Roxas Boulevard sa Maynila. Saklaw ng 22 proyektong ito ang 10,000-ektaryang baybayin, kalakhan sa Manila Bay.

Gayundin, maaaring umapela ang mga kumpanya sa presidente para ikutan ang moratoryum.

Paninindigan ng People's NICHE, dapat ipatigil ang lahat ng reklamasyon, kabilang ang nasa

operasyon na. “Wawasakin ng mga ito ang kabuhayan ng milyun-milyong Pilipino, gayundin ang biodiversity ng bansa,” anito.

Pagtatagpong Biden-Marcos, rehabilitasyon ng pamilya ng diktador sa US

Mayo 10, 2023

Noong dekada 1980, isa ang noo’y senador na si Joseph Biden sa pinakamaingay na kritiko ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr at ang tagasuporta nito sa US na administrasyong Reagan. Pero hindi nagmula ang kanyang pagtutol sa diktadura sa pagsisimpatya sa mamamayang Pilipino kundi sa alanganing kalagayan ng noo’y mga base militar ng US sa bansa.

“Kung labis tayong kikiling sa isang korap, wala nang kredibilidad na rehimen na walang suporta ng mamamayan nito, maaaring mapanghawakan natin ang ating mga base sa maiksing panahon pero mahihiwalay tayo sa mamamayan at sa gayon ay mawawala sa atin ang mga ito sa kalaunan,” pahayag ni Biden sa panahon na iyon.

Noong 1991, nagkatotoo ang kinatakutan ni Biden nang ibasura ng Senado ng Pilipinas ang pagpapalawig ng Military Bases Treaty at napilitan ang US na isara ang mga pinakamalalaking base militar nito sa Asia.

Mahigit tatlong dekada matapos patalsikin ng mamamayang Pilipino si Marcos Sr, buong galak na niyakap ni ngayo’y presidente na ng US na si

Biden ang anak ng diktador na si Ferdinand Marcos Jr. Tinawag ng isang dyaryo sa US ang pagpupulong ni Biden at Marcos noong Mayo 1 sa White House bilang isang “milestone” (isang signipikanteng pangyayari) ng pamilyang Marcos kung saan nagtransisyon sila mula sa pagiging “pariah” (o mga kinamumuhian) tungo sa pagiging “guest of honor.”

Labis-labis na papuri ang iginawad ni Biden kay Marcos Jr at kanyang rehimen, na tinawag niyang “walang mas mabuti pang katuwang” ng US sa rehiyon ng Asia sa ngayon. Ito ay sa kabila ng nakapataw na contempt order ng korte sa New York laban kay Marcos Jr at kanyang inang si Imelda dahil sa pagtanggap nilang magbayad-pinsala sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa panahon ng diktadura. Bago manalo sa eleksyon, may nakaabang na mandamyento de aresto sa dalawa sa US.

Sadyang tahimik si Biden sa mga pagtutol kay Marcos ng maraming tagapagtanggol sa karapatang-tao, kabilang ang ilang kapartido niya sa US Senate, para ibwelo ang mga paghahanda ng US para sa gera nito sa China na ilang dekada nang nakaplano. Matatandaang bise presidente ni Barrack Obama si Biden at isa sa senior na adviser sa ugnayang panlabas nang unang ilatag ang “pivot to Asia” ng US.

Sa ngayon, prayoridad ni Biden ang pagtatayo ng di bababa sa siyam na base militar nito sa bansa sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Kapalit nito, pananatilihin ng US si Marcos Jr sa poder, katulad ng

pagpapanatili noon ng administrasyong Reagan sa kanyang amang diktador.

Ang pagsuporta ng US sa mga diktador at pasista ay hindi bago at hindi lamang sa Pilipinas. Binubuod ang patakarang ito sa madalas sabihin sa patakarang panlabas ng US na: “He may be a son of a bitch, but he is our son of a bitch” (Sabihin nang anak siya ng puta, pero siya ay ating anak ng puta). Bukod sa pagsuporta kay Marcos Sr noon at Marcos Jr ngayon, masugid na sinuportahan ng US ang mga nagdaang rehimen sa Pilipinas, kabilang ang gubyernong Duterte, ng ayudang militar at suportang pampolitika. Kilala din ang US sa pagsuporta sa mga diktador mula pa dekada 1960 tulad nila Anastasio Somoza ng Nicaragua, Syngman Rhee ng South Korea, Fulgencio Batista sa Cuba, Chiang Kai Shek sa Taiwan.

Pasalubong ni Marcos mula sa US: Mas mahigpit ng ugnayang neokolonyal

Mayo 10, 2023

Kabi-kabila ang mga pangakong “pakikipagtulungan” at pamumuhunan ang inuwi ni Ferdinand Marcos Jr mula sa kanyang pangalawang byahe sa US. Buong ipinagmamalaki niya ang mga nalimos niyang luma at bagong “bentahe, “mula sa mga armas at gamit pandigma, pagbabahagianan ng inteledyens, kapital at pamumuhunan, puhunan sa edukasyon hanggang sa programa sa pangangalaga ng hayop (veterinary). Nakatuon ang mga ito sa pagpapahigpit sa ugnayang neokolonyal ng estado

at armadong hukbo ng Pilipinas sa US sa harap ng papalaking banta ng China sa Asia-Pacific.

Dagdag sa pagiging “guest of honor” sa White House, itinuring ding guest of honor si Marcos sa Pentagon, ang puso ng military-industrial complex ng US. Liban sa kanya, umikot din ang mga kongresistang Pilipino, sa pangunguna ng kanyang pinsan na si House Speaker Martin Romualdez, sa bansa.

Bilateral Defense Guidelines

Bago pa man tumapak si Marcos sa US sa pangalawang pagkakataon, naplantsa na ng mga upisyal militar ng US at Pilipinas ang Bilateral Defense Guidelines. Pilit itong inilulusot ng dalawang panig bilang “pagpapaunlad” sa Mutual Defense Treaty, isang tratadong nangangailangan ng pagsang-ayon ng mayorya ng Senado ng Pilipinas para magkabisa. Isang aytem lamang sa naturang guidelines ang “muling pagpapatibay” ng tratado. Ang tatlo pang “layunin” na inilatag nito ay malinaw na nakatuon sa pakikipaggirian nito sa China, at pagtitiyak na kontrol ng US military sa mga operasyon ng Armed Forces of the Philippines.

Tungo rito, kinubabawan ng US ang modernisasyon ng AFP sa pamamagitan ng Security Sector Assistance Roadmap, na magtatakda kung anu-anong armas ang itatambak nito sa Pilipinas. Kasabay nito, tiniyak ng US ang kita ng mga kumpanyang militar na Amerikano sa pamamagitan ng “pagprayoritisa” na bumili

lamang ang Pilipinas ng mga gawang-US na gamit-militar.

Liban sa modernisasyon, saklaw ng guidelines ang pagpapalakas ng kontrol at kumand ng US sa Pacific sa operasyon ng AFP sa tabing ng “interoperability,” higit pang pagkubabaw ng US sa paniniktik ng Pilipinas sa ngalan ng “information sharing,” cyber defense at paghihigpit sa ugnayan sa iba pang kaalyado ng US sa rehiyon sa ngalan ng “multilateral cooperation.” Nakalista rin sa naturang guidelines ang “pagsustine” sa pagpapalakas ng kapasidad ng US at AFP laban sa “terorismo,” ang manipis na tabing para sa kontra-mamamayang kampanyang kontra-insurhensya na nagbubunsod ng lagapan na paglabag sa karapatang-tao at malalalang paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Bilang suhol, inanunsyo ng US ang “paglilipat” ng di bababa anim na sasakyang pandagat at dalawang eroplanong C-130H, lahat pinaglumaan ng US Armed Forces, sa AFP sa ngalan ng “modernisasyon.” Ang mga sasakayang-dagat ay bahagi ng \$7.5 milyong ayuda na ipinangako ni US Vice President Kamala Harris para “palakasin ang kapasidad” ng Pilipinas para sa pakikipaggirian nito sa mga barkong Chinese. Inaprubahan din ng US ang pagbenta ng alyado nitong Israel ng dagdag na dalawang sasakyang-dagat.

Pondo para sa pagkubabaw at pandarambong

Kasabay ng bagong alituntunin sa depensa, nangako ang US ng \$135 milyong “ayuda” (P6.75

bilyon) para sa susunod na 10 taon. Kapag inawtorisa ng Kongreso ng US, idadaan ang pondo sa USAID. Hahatiin ito sa walong larangan ng pamumuhunan.

Pinakamalaki (\$35 milyon) ang ieembudo sa pagtatayo ng isang “open radio access network” (O-RAN) na kukubabaw sa sistemang telekomunikasyon ng Pilipinas sa tabing ng pagmamantine ng isang “bukas, interoperable, reliable at secure” na internet. Isa ang sektor ng telekomunikasyon, partikular ang merkadong 5G, sa target pasukin ng mga Amerikanong kumpanya. Ang O-RAN ay bahagi ng militaristang Indo-Pacific Strategy ng administrasyong Biden.

Malaking bahagi ng pakete ng USAID (\$30 milyon) ay igugugol para “suportahan” ang mga unibersidad sa Pilipinas, kabilang sa larangan ng “pagapapaunlad” ng kurikulum, mga guro, pananaliksik at “community engagement.”

Maglalagak rin ang US sa mga proyektong imprastruktura, pagmimina (nickel), enerhiyang nukleyar, sistema ng patubig, kalusugan at tulong sa panahon ng sakuna.

Dagdag sa \$30 milyong pondo ng USAID, maglalaan ng hiwalay na \$70 milyon ang US para direktang sanayin ang kabataang lider at intelektwal ng Pilipino sa anyo ng mga iskolarship, student exchange at iba pang programa. Palalawakin nito ang programang Fulbright, Philippine Youth Leadership at iba pang programang pang-edukasyon kasabwat ang Commission on Higher Education. Ipinagmalaki

ito ng US bilang isa sa “pinakamalaking” komitment sa isang mamamayan sa buong mundo.

Liban dito, itatayo rin ng US ang Philippines-US Friendship Fellowship para pag-aralin ang batang estudyante at prupesyunal sa US.

Inanunsyo ng rehimen na nakakuha ito ng “pangako” na puhunan na nagkakahalaga ng \$1.3 bilyon. Isa sa dalawang binanggit nito, ang Zero Motorcycles, ay nag-anunsyo na ng pamumuhunan nito sa Pilipinas kasosyo ang grupong Ayala noong Marso. Ang isa pa ay ang NuScale Power Corporation, isang kumpanyang suportado ng gubyernong US na gumagawa ng maliliit na nuclear reactor, na wala pang tumatakbong planta sa buong daigdig.

Habang nasa US, namalimos si Marcos kay Biden para muling bigyan ng espesyal na trato ang mga eksport ng Pilipinas sa bansa. Mula 2020, wala na sa listahan ng Generalized System of Preferences (GSP) ang 5,000 produkto ng Pilipinas sa US. Ibig sabihin, may patong nang buwis ang mga ito pagpasok ng US. Hindi ito pinaunlakan ng US, katulad ng hiling ng Pilipinas ng bilateral na kasunduan sa kalakalan.

CIDG, nasa likod ng pagdukot sa Taytay 2

Mayo 11, 2023

Napag-alaman ng mga grupong naghahanap sa Taytay 2 o kina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil de Jesus, pawang mga tagapagtanggol ng

karapatan ng katutubo sa Cordillera, na ang mga ahente ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang nasa likod ng pagdukot sa kanila noong Abril 28 ng gabi sa Golden City, SM Hypermarket sa Taytay, Rizal. Ayon sa mga ulat, ang dalawa ay sapilitang pinasakay ng mga ahente ng estado sa dalawang sasakayan.

Naghalughog na ang mga grupo sa karapatang-tao sa mga kampo ng militar at pulis sa National Capital Region, Southern Tagalog at Baguio City para hanapin ang dalawa. Sa kabila nito, walang nakuhang impormasyon ang mga grupo sa kinaroroonan nila. Dismayado din sila sa pagbalewala ng Camp Allen sa Baguio City sa mga sulat ng mga pamilya ng biktima.

Kasabay nito, nagsampa rin ang mga kaanak ng reklamo at pagdulog ng tulong sa paghahanap sa panrehiyong opisina ng Commission on Human Rights sa Cordillera.

“Matapos naming malaman na ang mga nawawalang indibidwal ay dinukot ng mga operatiba ng estado ay higit na nagiging kagyat ang aming apela na ilitaw sila,” ayon sa pahayag ng grupong “Surface Dexter and Bazoo!”

Giit nila na kagyat na isiwalat ang kinaroroonan ng dalawa at pakawalan sila nang ligtas.

“Hindi ako makatulog sa gabi. Parati akong nag-aalala kung nakakakain siya ng tama. Nangangamba akong sinasaktan ng mga dumukot sa kanya ang aking anak. Ang tanging hiling ko ay ang ligtas na pag-uwi ng aking anak,” pahayag ng

89 taong gulang na ina ni Capuyan. Kabilang siya sa mga humarap at dumulog sa upisina ng panrehiyong pulis sa Cordillera.

Labis ang pag-aalala ng mga kaanak at ng CHRA sa kalagayan at kaligtasan ng dalawa dahil si Capuyan ay inakusahan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na lider umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa rehiyong Ilocos-Cordillera at may patong sa ulo na ₱1,850,000.00 para sa kanyang pagkakadakup. Idinadawit siya sa mga kaso ng pagpatay, bigong pagpatay at tangkang pagpatay.

Nakatakdang “ROTC games” sa isang kampus sa Visayas, binatikos

Mayo 11, 2023

Kinundena ng mga kabataan ang pinaplanong paglulunsad ng isang palaro sa hanay ng mga kadete ng Reserve Officers’ Training Corps (ROTC) sa Visayas sa susunod na dalawang buwan. Inianunsyo ang naturang aktibidad noong Mayo 5 sa isang pagtitipon sa kampus ng Cebu Technological University (CTU) sa Cebu City kung saan dumalo ang mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines.

Naunang itinakdang ilunsad ang aktibidad sa kampus ng University of the Philippines-Cebu ngunit napigilan at napaatras ito ng mga kabataan at estudyante ng UP-Cebu. Naglunsad ng pakilos ang komunidad ng UP Cebu noong Mayo 5 para magbarikada laban sa nakatakdang oryentasyon.

Samantala, mahigpit na kinundena ng grupo ng kabataan na Anakbayan ang inilunsad na oryentasyon sa CTU. Ang naturang aktibidad ay nilahukan ng 300 kadete at mga upisyal ng AFP at Commission on Higher Education. Ang mga kalahok sa oryentasyon ay pinaglunsad ng drills at ibinilad sa kainitan ng araw.

“Naalarma...ang mga kabataan sa aktibidad na inilunsad sa loob ng isang unibersidad dahil mistulang giangawang normal ang presensyang militar sa kampus sa kabila ng tumitinding panawagan ng mga estudyante laban sa mga pag-atake sa kanilang kalayaang pang-akademiko,” pahayag ng Anakbayan.

Dagdag pa nila, ang mga palaro ay dapat masaya at makapagtataguyod ng pag-unlad sa malikhaing mga paraan, ngunit “ang ROTC games ay instrumento...para lamang pagtakpan ang madugong kasaysayan ng ROTC at korap na mga gawain nito.”

Ginagamit din umano itong paraan para padulasin ang paglulusot sa isinusulong ng rehimeng Marcos Jr na “mandatory ROTC.” Anila, walang maidudulot ang programang ito kundi pagsupil sa kritikal na pag-iisip at pagmamanman sa mga estudyanteng kritikal at bumabatikos sa anomalya.

Ikalawang kaso sa droga ni de Lima, ibinasura ng korte

Mayo 12, 2023

Ibinasura ngayong araw ng isang korte sa Muntinlupa City ang ikalawang kaso sa droga na isinampa laban kay dating senador Leila de Lima. Noong 2022 pa binawi ng pangunahing witness laban kay de Lima sa naturang kaso ang mga testimonya.

Si de Lima ay inakusahang tumanggap ng ₱10 milyon sa naturang kaso mula sa dating hepe na si Rafael Ragos na umanoy nagmula sa iligal na palitan ng droga sa loob ng New Bilibid Prison. Si Ragos, na pangunahing witness, ay umamin noong 2022 na peke ang kanyang mga alegasyon at pinilit lamang siya na sabihin ang mga ito.

Nauna nang ibinasura ang isang kaso sa droga laban kay de Lima noong 2021. May isang kaso pang kinahaharap ang dating senador.

Bumuhos ang suporta kay de Lima sa pagdating niya sa korte kaninang umaga. Umalingawngaw ang sigaw ng kanyang mga tagasuporta na “Free Leila!” habang inilulunsad ang pagdinig.

Samantala, sa isang pahayag kahapon, ipinabatid ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang suporta nito sa laban ng dating senadora. Nanawagan ang grupo na kagyat na ibasura ang mga kaso ni de Lima at palayain siya sa lalong madaling panahon.

“Ang pagkukulong kay Sen. de Lima sa loob ng anim na taon batay sa bogus, gawa-gawa mga kaso sa droga ay inhustisya sa pinakamasahol na porma,” pahayag ng Bayan.

Anang grupo, pinagkaitan siya ng kanyang mga karapatan, tinanggalan ng kanyang kakayahan bilang nahalal na senador, inusig at ipinahiya ng pinakamatataas na upisyal ng gubyrerno. “Ang patuloy niyang detensyon ay patunay ng bulok na sistema ng hustisya sa bansa,” giit nito.

Paliwanag pa ng Bayan, may pananagutan din ang rehimeng Marcos dahil sa mabagal na pag-usad ng kaso ni de Lima sa kabila ng mahinang mga testimonya at paratang sa kanya. Giit nito, “ang detensyon niya ay dahil sa galit nila dating pangulong Duterte at Arroyo, na mga padrino ng kasalukuyang rehimeng Marcos-Duterte.”

“Si Sen. de Lima ay isa lamang sa napakaraming biktima ng gawa-gawang pampulitikang mga kaso sa bansa. Daan-daang tulad niya ang binubulok sa kulungan sa kanilang pagtuligsa at paglaban sa mga abuso at maling gawain ng mga nasa gubyrerno,” dagdag ng Bayan.

Anila, dapat pakawalan ang lahat ng mga bilanggong pulitikal laluna ang mga may sakit at matatanda. “Tulad ni Sen. de Lima, nararapat lamang din silang palayain,” pagtatapos ng grupo.

Pagtatalaga kay Sara Duterte bilang co-vice chair ng NTF-Elcac, malawakang binatikos

Mayo 13, 2023

Kabi-kabilang batikos ang inabot ni Sara Duterte matapos italaga siya ng mga alipures ng kanyang ama bilang co-vice chairperson ng korap at

pasistang National Task Force-Elcac. Bwelta ng ACT Teachers party-list, tiba-tiba na naman si Duterte dahil kokopoin niya ang bilyun-bilyong confidential at intelligence fund sa pagkakatalaga niya sa ahensya.

“Sa pagkakatalaga niya...magkakaroon siya ng awtoridad sa higit na malaking confidential at intelligence fund liban pa sa kontrolado na niyang pondo sa Department of Education at Office of the Vice President,” pahayag ni House Deputy Minority leader at ACT Teachers party-list Rep. France Castro.

Giit ng mambabatas, “yan ang problema sa NTF-ELCAC at whole-of-nation approach, magagamit talaga ang buwis ng taumbayan sa mga di magandang gawain na walang ideya ang mamamayan for what, how, when, who and where exactly.”

Aniya, “mamamalayan mo na lang mataas na ang bilang ng mga kaso ng red-tagging at lahat ng kaakibat nitong mga paglabag sa karapatang-tao tulad ng ekstrahudisyal na pagpaslang, pagdesaperasido at panggigipit sa mga kritiko.”

Ayon naman kay Kabataan Rep. Raoul Manuel, “di ito magandang pangitain para sa academic freedom at pagtanggol sa mga ahensyang sibilyan mula sa pagiging militarizado. Dapat mapagpalaya, di mapanupil, ang edukasyon.”

Kilala si Duterte sa labis na mapanupil na mga patakaran nang nanungkulang alkalde ng Davao

City at ngayo'y pangunahing nangigipit sa mga guro at estudyante bilang kalihim ng DepEd.

“Mahirap matuto habang may pasok during the hot dry season. Kulang pa rin ang sahod ng mga guro at kawani. Kulang ang mga silid-aralan. May laptops na dapat pinamigay sa mga guro pero binenta na lang sa retail stores. Di ba ito ang mga dapat unahin ng pamunuan ng DepEd?” giit ni Rep. Manuel.

Samantala, ayon sa Bagong Alyansang Makabayan-National Capital Region, “like father, like daughter” ang kahihinatnan ng pagkakatalaga ni Duterte sa NTF-Elcac. Tulad ng amang si Rodrigo Duterte, anila, pareho ang rekord at intensyon nila ng panggigipit sa mga progresibong indibidwal at organisasyon.

“At ngayon sa pagkakatalaga sa ahensya... ipagpapatuloy lamang niya ang sinimula ng kanyang diktador at pasistang ama. Mangangahulugan ito ng panganib at takot sa mamamayan ng bansa,” giit ng Bayan-NCR.

Magsasaka sa Kabankalan city, dinakip ng 94th IB

Mayo 14, 2023

Dinakip ng mga sundalo ng 94th IB ang magsasakang si Allan Ramos sa Sitio Dangalon, Barangay Hilamonan, Kabankalan city noong Mayo 11 ng hapon. Pinalalabas ng militar na naaresto si Ramos matapos ang isang engkwentro

sa pagitan nila at yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ayon sa ulat mismo ng mga residente, walang engkwentrang naganap sa lugar at ang mga sundalo lamang ang walang patumanggang nagpaputok sa bahay ng magkapatid na Tisoy at Allan Ramos sa naturang sityo. Ayon pa sa kanila, nagtatakbo ang magkapatid at ibang mga kapitbahay dahil sa takot.

Pinalalabas ng 94th IB na nagkaroon umano ng 20 minutong engkwentro sa naturang lugar. Tulad ng dating gawi, nagpakana pa ito na mayroong narekober ang kanilang tropa na mga armas, bala, bakpak at mga kagamitang militar ng BHB.

Matapos ang pagpapaputok, dito na dinampot ng militar si Allan Ramos. Hindi pa natutukoy ng mga kaanak kung saan siya dinala.

Labag ito sa mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin. Sila ay pangangalagaan laban sa walang habas na pambobomba mula sa himpapawid, istraping, panganganyon, pagmomortar,

panununog, pambubuldoser at iba pang katulad na anyo ng pagwasak sa mga buhay at ari-arian, paggamit ng mga pampasabog gayundin ng pag-iipon ng baril, bala, pampasabog atbp. sa malapit sa kanila o sa gitna ng hanay nila, at sa paggamit ng mga sandatang kemikal at bayolohikal.”

Warrant of Arrest laban sa “Northern Luzon 7,” ipinawalambisa

Mayo 14, 2023

Ipinawalambisa ng Bangued Regional Trial Court Branch 2 ang mga warrant of arrest na inilabas laban sa tinaguriang “Northern Luzon 7” na kinabibilangan ng mga aktibista at tagapagtaguyod ng karapatan ng mga katutubo na sinampahan ng kasong rebelyon noong Enero. Inilabas ng korte ang desisyon noong Mayo 11 na nagsasabing hindi naman pinangalanan ng mga nakaligtas sa ambus noong Oktubre 2022 sa Abra ang pitong indibidwal.

Ayon sa Cordillera People’s Alliance (CPA), “sa katotohanan, hindi nila kailanman mapapangalanan [ang pito] dahil wala naman silang kinalaman sa naturang insidente.”

Ang Northern Luzon 7 ay kinabibilangan nina Jennifer Awingan, Sarah Abellon-Alikes, Stephen Tauli, Windel Bolinget, Lucia Lourdes Gimenes, Nino Joseph Oconer, at Florence Kang. Sila ay mga aktibista at progresibo mula sa rehiyon ng Cordillera at Ilocos.

Ang pito ay idinadawit sa isang ambus ng Bagong Hukbong Bayan noong Oktubre 27, 2022 sa Sitio Kutop, Barangay Gacab, Malibcong, Abra.

Nagpasalamat si CPA Chairperson Windel Bolinget sa mga sumuporta sa kanilang pito at nagkampanya para sa agarang pagbabasura at resolusyon ng kaso. Aniya, “ang kaso ng rebelyon/insureksyon laban sa amin ay walang batayan at gawa-gawa.”

Dagdag pa ni Bolinget, sana ito na ang huli sa mga gawa-gawang kasong isinampa ng estado laban sa kanya, kanyang mga katrabaho at lahat ng mga aktibista. Giit niya, “dapat nang kagyat na matigil ang judicial harassment, redtagging at terrorist-tagging, at lahat ng porma ng paglabag sa karapatang-tao.”

Ayon kay Beverly Longid, national convenor ng Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas, “habang natutuwa tayo sa pagbasura sa gawa-gawang kaso laba sa Northern Luzon 7, nananawagan din tayo sa pagpapalaya kina Mary Joyce Lizada at Arnulfo “Ompong” Aumentado, [mga kasapi ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan] mula sa kamay ng militar sa Camp Capinpin sa Rizal.”

Gayundin, ipinanawagan ni Longid ang kagyat na paglilitaw kina Dexter Capuyan at Gene Rox Jamil “Bazoo” de Jesus, mga tagapagtanggol ng karapatan ng katutubo sa Cordillera na dinukot ng mga elemento ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) noong Abril 28.

Ehersisyong militar na “Kasangga” ng Australia at Pilipinas, inilunsad

Mayo 15, 2023

Inilunsad ngayong araw ng mga tropang militar ng Australia at Pilipinas ang Exercise Kasangga sa Camp Capinpin, ang 6-linggong pagsasanay militar sa Tanay, Rizal. Kasunod ito ng katatapos lamang na Balikatan 2023 at Cope Thunder sa pagitan ng imperyalistang US at tropang militar ng Pilipinas.

Nasa 114 tropa ng Philippine Army at 43 tropa ng Australian Defense Force ang kalahok sa naturang ehersisyo. Tatagal ang pagsasanay hanggang Hunyo 23.

Bahagi ng ehersisyong militar ang mga operasyon pang-urban combat, pang-kagubatan at pagsasanay sa intelidyens, sarbeylans at rekonasans. Bahagi rin ng pagsasanay ang mga operasyong “kontra-terorismo.”

Unang inilunsad ang Ehersisyong Kasangga noong Abril 11 hanggang Hunyo 27, 2022 sa Fort Magsaysay, Nueva Ecija.

Sa tulak ng US, pinalalakas ng Australia ang presensyang militar nito sa rehiyong Indo-Pacific para kontrolin at labanan ang paglakas ng China sa buong rehiyon.

Nagbubuhos ng ayudang militar ang US sa Australia sa bisa ng Trilateral Security Partnership na AUKUS o Australia, United Kingdom, at United States na binuo noong

Setyembre 2021. Noong panahong ito, kabilang sa unang inisyatiba ng AUKUS ang komitment ng US na magbenta sa Australia ng mga nuclear-powered submarine para sa Royal Australian Navy.

Ika-75 taon ng Nakba, ginunita sa gitna ng panibagong serye ng brutalidad ng Israel

Mayo 16, 2023

Ginunita noong Mayo 15 ng mamamayang Palestino at iba't ibang demokratikong organisasyon sa buong mundo ang ika-75 anibersaryo ng Nakba (Sakuna), ang brutal na okupasyon ng Israel sa teritoryo ng Palestine. Sa araw na ito noong 1948, 750,000 hanggang isang milyong Palestino ang pinalayas sa kanilang mga komunidad para bigyan-daan ang pagtatayo ng estadong Israel. Mula noon hanggang ngayon, tuluy-tuloy ang marahas at iligal okupasyon ng Israel sa 78% teritoryo ng Palestine.

Ginunita ang anibersaryo sa gitna ng panibagong serye ng brutal na pang-aatake ng Israel para tuluyang burahin ang bansa at lahing Palestino. Inilunsad ng Israel ang aerial strikes sa Gaza Strip kung saan 21 Palestino ang namatay at 64 ang nasugatan, kabilang mga bata at kababaihan. Sinalakay din ng mga pasistang pwersa ng Israel Defense Forces ang bahay ng mga Palestino sa West Bank at East Jerusalem.

Sa kasalukuyan, umaabot sa 4,900 Palestino ang ikinulong ng Israel, kabilang mga bata. Mahigit

1,000 sa kanila ay walang nakasampang kaso. Noong Mayo 1, namatay ang bilanggong si Sheikh Khader Adnan sa ika-84 araw ng pag-ayuno para sa kalayaan niya at ng iba pang mga detenidong pulitikal.

Sa harap nito, nananawagan ang International League of People's Struggle (ILPS) para sa kalayaan ng Palestine mula sa okupasyong militar ng Israel, kasabay ng panawagan ng hustisya para sa 75 taong sistematiko at institusyunalisadong pang-aapi nito sa mga Palestino. Kinundena din nito ang US at UK na nagbubuhos ng milyun-milyong dolyar na ayuda para panatilihin ang pasistang estado at militar.

Isinagawa ng iba't ibang grupo ang mga pagkilos para kundenahin ang pinakabagong serye ng karahasan ng Israel at muling ipahayag ang kanilang pakikiisa sa mamamayang Palestino. Sa France, Belgium, Germany, UK at Canada, nagkaroon ng mga aktibidad ang mga grupong kaalyado ng Samidunon Palestinian Prisoner Solidarity Network. Ipinanawagan din nila sa kanilang mga guberno at mamamayan na iboykot ang mga produktong gawang-Israel, laluna ang mga armas at iba pang gamit militar.

Naglalahang kita sa gitna ng pagtanging itaas ang sahod

Mayo 16, 2023

Samutsari ang pagdadahilan ng mga negosyante para ipagkait sa mga manggagawa ang nararapat sa kanilang nakabubuhay na sahod. Umaalma sila

kahit sa katiting na ₱150 across the board na ipinapanukala sa Senado dahil “mahihirapan” umano ang mga kumpanya. Nagbanta pa silang mayroong “malulugi” dahil sa taas ng hinihingi. Pinakahuli ang pagdadahilan na maliit na porsyento lamang (17%) ng mga manggagawa ang sasaklawin kung isasabatas ang pagtaas ng sahod at nagkunwaring may pag-aalala sa mayorya ng mga manggagawa na nasa impormal na sektor.

Sa kabilang banda, walang kyeme ang malalaking burges sa pagwasiwas ng naglalakihang kita ng kanilang mga kumpanya bunga ng “pagbubukas” ng ekonomya mula sa mahihigpit na lockdown. Kakoro sila ng estado sa ipinagmamalaki nitong 6.4% na gross domestic product, at diumano’y pagbabalik sa ekonomya ng Pilipinas sa padron ng “mataas na pag-unlad.” (Ang hibang na pahayag na ito ay matagal nang sinasalungat ng Ibon Foundation, ng aktwal na estadistika ng estado, at maging ng International Monetary Fund.)

Nitong nakaraang mga araw lamang, sunud-sunod ang balita kaugnay sa naglalaking kita ng mga kumpanya para sa unang kwarto ng 2023.

Nangunguna rito ang San Miguel Corporation ni Ramon Ang, na nangalandakang tumaas ang netong kita nito nang 27% tungong ₱17.7 bilyon mula Enero hanggang Marso. Ito ay habang tumaas nang 9% ang rebenyu ng mga kumpanya sa ilalim nito tungong ₱346.7 bilyon. Ang kitang ito ay nagmula pangunahin sa mga plantang nagmamanupaktura ng pagkain at inumin, singil sa toll (Metro Manila Skyway system at South Luzon Expressway) at Petron (langis).

Pinakamalaki ang inilaki ng kita ng Eagle Cement, ang kumpanya sa semento ni Ang, na ipinailalim niya sa SMC. Ayon sa ulat mismo ng kumpanya, tumaas nang 221% tungong ₱10.3 bilyon ang kita ng Eagle Cement sa unang kwarto ng taon. Higit dito, inaasahan ni Ang na lalupang tataas ang kita ng kanyang mga kumpanya sa susunod na mga buwan.

Lumaki rin ang iniulat na kita ng pamilyang Zobel-Ayala na nagsabing tumaas ang netong kita ng mga kumpanya nito nang 31% tungong ₱10.2 bilyon sa parehong panahon. Kabilang sa mga kumpanyang tumabo ng kita ang Bank of the Philippine Islands, Ayala Land Inc., ACEN, at Globe Telecom.

Samantala, nag-ulat nang 33% pagtaas ng kita o tungong ₱17.3 bilyong ang SM Investments ng pamilyang Sy mula pangunahin sa SM Prime Holdings, BDO Unibank at SM Supermarkets. Kabilang ang mga kumpanyang ito sa may pinakamaraming kontraktwal na manggagawa na tumatanggap ng di nakabubuhay na sahod at minimal, kung meron man, na mga benepisyo.

Noon pang nakaraang taon nag-ulat na “nakabawi na” ang mga kumpanya ng iba pang mga kumprador. Ngayong taon, marami sa kanila ang nagyayabang na nalagpasan na ng kanilang mga kumpanya ang netong kita ng kanilang mga kumpanya kumpara sa bago magpandemya.

Ayon sa Ibon Foundation, ang pinapanukalang ₱150 na across the board ng dagdag-sahod ay katumbas lamang nang 15% ng kita ng

pinakamalalaking kumpanya. Dagdag dito, magkakaroon ito ng “second order effect” kung saan gagastusin ng mga manggagawa ang dagdag na sahod para sa pagkain at mga serbisyong inilalako ng marami sa impormal na sektor.

Aberya sa GCash, paiimbestigahan

Mayo 17, 2023

Laganap pa rin ang online scam sa kabila ng pag-iral ng SIM card registration law. Nitong nakaraang linggo, naitala ang serye ng mga kaso ng pagnanakaw o “cybertheft” na gumagamit ng GCash. Ang GCash ay sistema ng electronic wallet kung saan ang salapi ng isang indibidwal ay hawak ng kumpanyang Globe na nagtatala ng mga transaksyon ng pagbili at pagbayad.

Mahigit 1,000 gumagamit ng GCash ang naapektuhan. Sa una ay pilit na inilulusot ng GCash ang maanomalyang transaksyon na isang kaso ng “phishing” at sa gayon ay sinisi ang mga subscriber sa di pag-iingat ng kanilang OTP. Pinabulaanan ito ng mga nagsabing wala silang binigyan na kanilang mga sekretong numero. Ang “phishing” ay iba’t ibang paraan ng panloloko sa mga may cellphone o smartphone para ibigay nila ang kanilang pribadong impormasyon.

Kaugnay nito, magsasampa ang Gabriela Partylist ng resolusyon sa Mababang Kapulungan upang mapaimbestigahan ang posibleng aberya sa GCash at iba pang kumpanya ng e-wallet o mobile payment services.

“Kailangang managot ang GCash sa posibleng data breach (o pagnanakaw ng impormasyon). Nagdulot ito ng malaking abala at pagsasapanganib ng data ng milyun-milyong gumagamit rito sa buong bansa,” ani Gabriela Rep. Arlene Brosas.

“Hawak nila ang milyun-milyong piso nagmula sa users, kailangang ipatupad ang mataas na pamantayan sa seguridad. Kung ganito lang kadali na makapasok ang mga scammers at hackers, madaling manakaw ang perang pinaghirapan ng mga tao,” diin ni Brosas.

Tinuligsa rin nya ang kainutilan ng SimReg Law.

“Patunay ito na walang ibinibigay na katiyakan ang SIM Card Registration Act laban sa data hackers. Napakarami pa ring kaso ng online scamming na madalas gumagamit ng GCash at iba pang finance apps,” puna nya.

Sa kasalukuyan, may mahigit 79 milyong gumagamit ng GCash.

Konsulant ng NDFP sa Bohol, sadyang pinatay ng militar

Mayo 17, 2023

Pitong beses na pinagbabaril ng armadong pwersa ng estado ang konsultant sa kapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa prubinsya ng Bohol na si Manuel “Ka Dodie” Tinio noong Abril 14 ng gabi sa mga hangganan ng Barangay La Suerte, Pilar, Bayungan, San Miguel at Lus-ong, Ubay.

Nakasakay ng motorsiklo si Tinio nang pagbabarilin ng mga pwersa ng estado. Ayon ito sa pahayag ngayong araw ng Komite ng Partido, Komunista ng Pilipinas sa Isla ng Bohol.

Ayon sa ulat, pinagbabaril siya bandang alas-7 ng gabi habang nagmamaneho. Matagal nang minamanmanan at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso si Tinio. Para pagtakpan ang krimen, tinaniman ng armas na kalibre .45 ang biktima para palabasin na isang armadong mandirigma na nakipagpalitan ng putok si Tinio.

Ang pagpatay kay Tinio ay labag sa internasyunal na makataong batas at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Gayundin, paglapastangan ito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG), kasunduang nangnagalaga sa kaligtasan ng mga konsultant sa kapayapaan, na pinirmahan ng Gubyrerno ng Republika ng Pilipinas at NDFP.

Kadre ng Partido sa Bohol

Kinilala ng Komite ng Partido sa Bohol ang mga ambag ni Tinio sa rebolusyonaryong kilusan sa isla. "Ipinapaabot namin ang pinakamataas na saludo kay Manuel "Ka Dodie" Tinio, kadre ng Partido, konsultant pangkapayapaan at agriculturist," pahayag nito.

Ipinaabot din nila sa pamilya at mga kaibigan ni Tinio ang taus-pusong pakikirmay sa pagkamatay niya.

Ayon sa Komite, “malaking kawalan sa rebolusyonaryong kilusan sa Bohol ang pagkamaay ni Tinio.” Subalit anito, ang pagbuhos ng kanyang dugo ay magsisilbing abono sa maraming binhi ng bagong mga rebolusyonaryo mula sa hanay ng masang anakpawis at mga kabataan.

Organisador at aktibista sa Bohol, isang buwang dinesaparesido bago pinatay ng 47th IB

Mayo 17, 2023

Isang buwan sa kamay ng berdugong 47th IB ang aktibista at organisador ng magsasaka na si Arthur Lucenario bago pinalabas na napatay sa isang “engkwentro” sa pagitan ng yunit nito at ng Bagong Hukbogn Bayan (BHB) noong Mayo 12 sa Barangay Tabuan, Antequera, Bohol. Ang sibilyang si Lucenario ay dinukot ng militar noon pang Abril 14 sa bayan ng San Miguel at simula noon ay ipinailalim na sa hindi makatarungang detensyon at pagtorturyur.

Sa ulat ng National Democratic Front (NDF)-Bohol, dinampot ng mga sundalo si Lucenario bandang alas-3 ng madaling araw ng Abril 14 habang bumyahe gamit ang kanyang motor. “Sa loob ng isang buwan, sa kamay ng mga pasista, dumanas siya ng iba’t ibang porma ng torturyur na bakas sa kanyang bangkay,” ayon sa NDF-Bohol.

Pinasinungalingan din nito ang sinasabing “engkwentro” sa bayan ng Antequera noong Mayo 12. Anito, “walang katotohanan ang sinasabing

‘engkwentro’...walang sagupaan sa pagitan ng AFP at BHB noong araw na iyon.” Dagdag pa ng NDF-Bohol, isa na itong luma, gasgas at paulit-ulit na modus ng mga sundalo para pagtakpan ang karumal-dumal na krimen ng pagdukot, pagtorturyur at pagpatay sa mga aktibista at sibilyan.

Pinalalabas ng 47th IB na may nakumpiskang kalibre .45 pistol kay Lucenario, na sa katotohanan ay itinanim lamang nila matapos pagbabarilin ang biktima. “Si Lucenario ay isang sibilyan, kabataan at organisador ng magsasaka, hindi mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan,” giit ng NDF-Bohol.

Dagdag dito, labis na troma rin ang inidulot ng pamamaril at pagpapaulan ng bala ng 47th IB para lamang pagmukhain na mayroong engkwentro sa naturang lugar.

Ang pagpaslang kay Lucenario ay malalang anyo ng paglabag sa internasyunal na makataong batas at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

Higit 14,000 residente, naapektuhan ng panganganyon at pambobomba ng AFP sa Mindoro

Mayo 18, 2023

Sa loob ng 10 araw, dalawang serye ng panganganyon, pambobomba at pag-iistraping ang isinagawa ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa isla ng Mindoro. Hindi bababa sa 14,000 residente ang naapektuhan ng teroristang aksyon na ito ng estado. Naitala ang mga kasong ito noong Abril 29 at Mayo 8.

Unang binomba ng AFP ang kabundukan sa hangganan ng Roxas at Mansalay noong Abril 29 sa mga residente ng Barangay San Vicente, Roxas at karatig na Barangay Balugo at Waygan, Mansalay. Ayon sa ulat, bahagi ang nasabing panganganyon ng “test firing” sa lugar. Hindi bababa sa anim ang kanyong pinasabog ng mga sundalo.

Samantala, 1,459 residente ng Barangay Tawas, Bongabong, at 1,932 residente ng Barangay Malo, Bansud ang nabulabog din sa pambobomba at pang-iistraping sa kabundukang saklaw ng nasabing barangay noong Mayo 8, bandang 2:20 ng hapon. Tinarget ng bomba at istraping ang mga kubo at sagingan ng mga residente.

Binomba ang komunidad matapos magkaroon ng engkwentro ang 203rd IBde at isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro. Bago pa man isinagawa ang pambobomba at panganganyon, binubulabog na ng operasyong

kombat ang kabuhayan at katahimikan ng mga residente sa naturang lugar.

Ang teroristang pambobomba ng AFP ay tahasang paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin na nakasaad sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin. Sila ay pangangalagaan laban sa walang habas na pambobomba mula sa himpapawid, istraping, panganganyon, pagmomortar, panununog, pambubuldoser at iba pang katulad na anyo ng pagwasak sa mga buhay at ari-arian, paggamit ng mga pampasabog gayundin ng pag-iipon ng baril, bala, pampasabog atbp. sa malapit sa kanila o sa gitna ng hanay nila, at sa paggamit ng mga sandatang kemikal at bayolohikal.”

Mid-year bonus ng pasistang sundalo at pulis, mas mataas sa mga titser at ibang kawani

Mayo 19, 2023

Sa kabila ng paggulong ng mga pagdinig para pag usapan ang laki ng kinakaing pondo ng mga unipormadong elemento ng estado (sundalo, pulis, coast guard, gwardya ng kulungan at faculty ng eskwelahan ng mga pulis), tuluy-tuloy lamang ang

pagtamasa nila ng espesyal na insentibang pampinansya mula sa estado.

Lahat ng mga empleyado ng gubyrerno, kasama ang mga pulis at sundalo, ay ginagawaran ng mid-year bonus kapag nakapagserbisyo sila ng mahigit apat na buwan bago ang Mayo 15. Noong Mayo 18, naglabas ang DBM ng kabuuang halagang ₱7.54 bilyon para ipamahagi sa 227,832 aktibong tauhan ng Philippine National Police bilang mid-year bonus. Ang bonus na ito ay katumbas ng isang buwan nilang basic pay. Ang base pay ng pinakamababang ranggong pulis (Patrolman/ Patrolwoman) ay ₱29,668 habang ang pinakamataas (Police General) ay ₱149,785. Sa panig ng AFP, ang base pay ng isang private (pinakamababa) ay P29,668 at ng heneral (pinakamataas) ay P149,785. Dagdag ang mga ito sa iba pang espesyal na insentiba at alawans tulad ng subsistence allowance, incentive pay, flying pay at officers allowance. Kinukuha ang lahat ng ito sa kaban ng bayan.

Mas marami at mataas ang natatanggap na bonus at insentiba ng mga pulis kumpara sa mga titser na P27,000/buwan (Teacher 1) at iba pang mga kawani ng iba't ibang ahensya ng gubyrerno na karamihan nasa Salary Grade 10 (P23,176). Dahil nakabatay sa basic pay, mas mababa pa ang tatanggapin ng mga kontraktwal, kaswal at job order na empleyado. (Sa maraming ospital noong panahon ng pandemya, nakapako sa ₱21,000 kada buwan ang sweldo ng bagong pasok na kontraktwal na mga nars.)

Higit dito, kinakailangan pang paulit-ulit na maghapag ng reklamo at magrali sa lansangan ang mga titser at nars para ibigay sa kanila ang kanilang mga benepisyo. Isa sa pinakamatagal na ipinagkakait ng estado ang Covid-19 allowance ng mga manggagawang pangkalusugan.

Ang pagbibigay ng bonus ay nagaganap habang dinidinig sa Senado ang pagtagas sa pambansang badyet dahil sa laki ng pensyon ng mga unipormadong elemento. Dito, muling inilahad ng kalihim ng Department of Finance na si Benjamin Diokno na hindi sustenable ang kasalukuyang programa ng pensyon ng mga kapulisan at militar. Aniya, magdudulot ito ng dambuhalang depisito sa pangkabuuang pinansyal na kalagayan ng bansa. Pinanatili ang ganitong kaayusan ng magkakasunod na pangkating nang sinusunod ang ganitong pagprayoridad sa mga sundalo at pulis para panatilihin ang kanilang katapatan at magamit sa pagsupil sa mga pwersang kritikal o tumutol sa guberno.

Pagkamatay ng unyonista sa Davao, isinisi sa panggigipit ng militar

Mayo 19, 2023

Ibinubunton ng mga kaanak ni Susano Echavez Labora ang sisi sa kanyang pagkamatay sa panggigipit ng mga ahente ng militar. Na-stroke ang 60-taong gulang na unyonista ng Davao City na si Labora noong Mayo 6. Ito ay matapos Nagdulot ng labis na troma at takot sa kanya ang magkakasunod na pagbisita at interogasyon sa

kanya ng mga ahente ng estado noong Mayo 4 at 5.

Sa ulat ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Southern Mindanao Region, binista si Labora sa kanyang bahay sa Barangay Tigatto, Davao City ng mga nakasibilyang ahente ng Philippine Army noong Mayo 4. Tinakot ng mga ito si Labora at pinilit siya na “makipagtulugnan” sa kanila at magsilbing aset pang-intelidyens ng militar sa loob ng mga organisasyong kanyang kinabibilangan tulad ng Kilusang Mayo Uno-SMR. Ininteroga din ang matandang si Labora sa kanyang trabaho at kinaroroonan sa nagdaang tatlong taon.

Hindi pa nakuntento, muli siyang “kinausap” ng mga sundalo kinabukasan. Ayon sa salaysay ng pamilya, pinilit si Labora ng mga sundalong makipagkita sa Buhangin kung saan sinundo siya ng isang puting van para ipagpatuloy ang interogasyon at “linisin” ang kanyang pangalan. Pagsapit ng hapon, napansin umano ng mga kaanak na nanghihina ang matanda at walang ganang kumain.

Ayon sa KMU-SMR, noong 2021 pa inalerto sila ni Labora sa pagmamanman ng mga kahina-hinalang taon at van malapit sa kanyang bahay. Ayon sa grupo, hindi ito ang unang kaso ng panggigipit sa mga unyonista sa rehiyon, na anila, ay tumindi simula 2019 sa pangunguna ng National Task Force-Elcac.

Nanguna si Labora sa pag-oorganisa ng mga manggagawa sa plantasyon ng saging sa Davao de Oro.

Protesta laban sa G7, inilunsad sa Japan

Mayo 20, 2023

Daan-daang Japanese ang nagmartsa sa mga lansangan ng Hiroshima City noong Mayo 19 para magprotesta sa militarista at mapandambong na Group of 7 (G7) na nagpupulong sa bansa. Nagtipon sila sa Peace Memorial Park sa syudad, dala-dala ang mga islogang “No War-themed Conference” (“Labanan ang kumperensya pang-gera”) at “G7 is the cause of war” (G7 ang dahilan ng gera). Ang pagkilos ay bahagi ng “International Day of Action Against the G7.”

Lumahok sa pagkilos ang iba’t ibang group sa ilalim ng International People’s Front, International League of People’s Struggle at iba pang alyansa. Mahigit 24,000 ang idineploy na pulis para gwardyahan ang mga upisyal ng pinakamilitaristang bansa sa buong mundo. Sigaw nila: Ibasura ang G7!

Sa Pilipinas, nagpiket ang mga aktibista mula sa ILPS-Philippines, Bayan at iba pang progresibong organisasyon sa Quezon City matapos ang isang porum kung saan tinalakay ang kasaysayan ng imperyalismong US, papel nito sa mga armadong sigalot sa ngayon at paglaban ng mamamayan laban sa militarismo nito.

Sa Kyoto, Japan, inilunsad ng mga aktibista mula sa Japan, Korea, Pilipinas, at US ang isang People's Summit noong Mayo 18, isang araw bago magbukas ang kumperensya ng G7. Pagtatapos ito sa 3-buwang kampanyang edukasyon na inilunsad ng mga progresibong organisasyon para ilantad ang papel ng G7 sa mga gerang itinutulak ng US sa buong mundo. Tinututulan nila ang pagtatayo ng US ng mga base militar sa Asia-Pacific at pagtutulak ng gera sa rehiyon.

“Susi ang papel ng G7 sa pagsusulong ng estratehiya ng gerang tulak ng US, kabilang ang pagpapalawak ng mga base militar, armas nukleyar, mga kasunduan at pagsasanay militar, at bagong mga bilateral at trilateral na mga kasunduang militar,” pahayag ng Resist US-Led War Movement. “Ang pagpapalakas ng militar ay palatandaan ng pagpapabilis ng banta ng gera sa anyo ng pagdeploy ng mga submarine na armadong nukleyar, dambuhalang mga pagsasanay militar at pagpapalakas ng mga alyansang militar tulad ng AUKUS na pinamumunuan ng US.”

Binubuo ang G7 ng US, France, United Kingdom, Germany, Italy, Canada at Japan, kasama ang European Union. Pangunahing adyenda nito ang higit pang pagpapaigting sa proxy war ng US laban sa Russia sa Ukraine at pagpapalakas ng pang-uupat ng gera laban sa China.

Pinalahok ng Japan sa kumperensya ang mga upisyal ng inimitahan ng Japan na bansa (Australia, Brazil, the Comoros (bilang pinuno ng African Union), the Cook Islands (bilang pinuno ng

Pacific Islands Forum), India (presidente ng G20), Indonesia (presidente ng Association of Southeast Asian Nations, or ASEAN), South Korea at Vietnam.

Mga nars sa South Korea, nagwelga

Mayo 21, 2023

Naglunsad ng isang araw na welga ang libu-libong nars at estudyante ng kursong nursing sa South Korea noong Mayo 19 para kundenahin ang pagveto o pagbasura ng presidente ng bansa sa isang panukala na magbibigay ng dagdag na mga benepisyong at sahod, at magpapaunlad ng kanilang kundisyon sa paggawa. Ang panukalang Nursing Act ay ibinasura noong Mayo 15.

Idinahilan ni South Korean President Yoon Suk-yeol sa pagbasura sa panukala ang umanoy “sigalot” na lilikhain nito sa sektor ng kalusugan. Iginigiit ng mga doktor ng South Korea na pahihintulutan umano ng panukala na magpraktis ng medisina ang mga nars, subalit pinasubalian ito ng Korean Nurses Association (KNA).

Ayon sa KNA, kumakatawan sa 500,000 lisensyadong nars sa bansa, layunin lamang ng panukala na ilinaw ang trabahong dapat saklawin ng mga nars sang-ayon sa kanilang propesyon. Pagbabahagi pa ng grupo, sa kasalukuyang kaayusan ay nagmimistulang mga “alalay” sila ng mga doktor dahil sa kawalan ng pagtatakda ng saklaw ng trabaho ng mga nars.

Paliwanag ng grupo, nagdurusa ang mga nars sa labis na trabaho at pamalagiang kakulangan ng mga nars dahil masaklaw ang isinasaad ng kasalukuyang batas na kanilang ligal na tungkulin at trabaho. Nakasaad sa Medical Service Act na dapat magbigay ang mga nars ng “tulong sa medikal na panggagamot sa ilalim ng gabay ng isang doktor ng medisina, dentista, o doktor ng Korean medicine.”

Mahigpit na kinundena ng KNA ang pag-veto ng presidente sa panukala. Anila, inabanduna ng presidente ang mga pangako nito nang kumakandidato sa pagkapangulo na pauunlarin ang kundisyon sa paggawa ng mga nars.

“Pagbabayaran namin ang mga pulitiko at nasa burukrasya...sa pagtutulak sa pangulo na i-veto ang panukala,” pahayag ni Kim Yeong-kyeong, pangulo ng KNA.

Sibilyan, brutal na pinatay ng 9th IB sa Camarines Norte

Mayo 22, 2023

Ginapos, tinortyur, tinutukan ng baril sa bibig bago pinatay ng 9th IB si Romeo Agua, 42 taong gulang na residente ng Barangay San Jose, Panganiban, Camarines Norte noong Mayo 15. Si Agua ang ika-16 na biktima ng pamamaslang sa rehiyong Bicol mula nang maupo sa pwesto si Ferdinand Marcos Jr.

Ayon sa kapamilya ng biktima, paahon sa bahay sa bundok si Agua noong hapon ng Mayo 15 para

pakainin ang kanilang alagang baboy nang harangin at idetine ng tropa ng 9th IB. Ginapos ang biktima at pinahirapan bago barilin nang pitong beses sa katawan at isang beses sa bibig. Ayon pa sa mga kapamilya at mga nakasaksing residente, isinubo ang baril sa biktima saka pinaputok. Nakita pa ng mga residente ang pagtalilis ng mga nakamotor na salarin.

Kinundena ni Carlito Cada, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Camarines Norte, ang brutal na krimen. Ayon sa kanya, “ang ganito kabrutal na mga krimen ay tanda ng [pagiging desperado] ng mga elemento ng AFP-PNP at iba pang mga ahente ng reaksyonaryong gubyerno ni Marcos na takutin ang masang lumalaban at pahinain ang kanilang pakikibaka partikular sa probinsya ng Camarines Norte.”

Ang pagpatay sa isang sibilyan, na pinabigat ng brutal na pamamaraan at pagtortyur, ay isang paglabag sa karapatang-tao at maging sa internasyunal na makataong batas.

Pagkatapos ng pitong taon: Kidawapan 43, pinawalang-sala

Mayo 23, 2023

Pitong taon matapos sampahan ng mga pulis ng mga gawa-gawang kaso, pinawalang-sala ng isang korte ang 43 magsasakang hinuli noong Abril 1, 2016 sa isang barikada sa Kidapawan City, North Cotabato. Nagpoprotesta sila noon malapit sa bodega ng National Food Authority para igiit sa gubyerno ang ayudang pagkain sa harap ng labis

na tagtuyot. Noong araw ding iyon naganap ang madugo at malagim na Kidapawan Massacre.

Ang 43 ay bahagi noon ng hindi bababa sa 6,000 libong Lumad at magsasakang nagbarikada sa haywey ng Kidapawan para igiit ang suporta ng gubyrno. Isa sa hinihiling ng mga nagbarikada ang paglalabas sa 15,000 sakong bigas na naka-imbak noon sa bodega ng NFA bilang subsidyong pagkain.

Ang mga nagbarikada ay nagmula sa mga bayan ng Matalam, Ka-bacan, Makilala, M'lang, Tulunan, Magpet, Roxas, Antipas, Arakan at Kidapawan City, pawang sa North Cotabato na tinamaan ng matinding tagtuyot dulot ng penomenong El Niño. Pitong buwan nang apektado ng tagtuyot ang 237,000 ektaryang sakahan ng mga magsasaka.

Payapa silang nagbabarikada noong Abril 1, 2016 nang buwagin ng mga pulis sa atas ng dating rehimeng US-Aquino II ang mga magsasaka. Pinagbabaril ng mga pulis ang mga magsasaka na nagresulta sa pagkamatay nina Rotello Daelto ng Arakan Peasant Progressive Organization, Victor Lumandang ng Apo Sandawa Lumadnong Paghiusa (SLP) at Enrico Pabrica. Hindi bababa sa 140 ang nasugatan sa pamamaril at pambubugbog. Mahigit 100 ang inaresto at 43 ang sinampahan ng kaso.

Sa desisyon ng lokal na korte, kinatigan nito ang inihaing mosyon ng mga magsasaka na "demurrer to evidence" dahil sa kakulangan o pagiging mabuway ng ebidensya na ipinresenta ng prosekusyon.

Ipinaliwanag pa ng korte na nabigo ang prosekusyon na kilalanin ang mga indibidwal na reponsable sa kasong isinama nila. Ayon pa dito, hindi natukoy ng mga saksi kung ang sinasabi bang nambato sa mga pulis ay ang mismong mga inaresto.

“Neither do any of the officers’ testimonies pointed to a specific accused as the same person who threw a stone towards members of the PNP,” (“Wala sa kahit anong testimonya ng mga upisyal ang nagturo sa partikular na akusado na siya mismong naghagis ng bato sa mga myembro ng PNP,)” sabi pa ng korte.

Paglalabas ng Korte Suprema ng “Writ of Kalayaan,” ipinamamadali

Mayo 23, 2023

Nanawagan ang Kapatid, grupo ng mga pamilya ng bilanggong pulitikal, sa Korte Suprema ngayong araw na pabilisin ang paglalabas ng Writ of Kalayaan na magpapahintulot na palayain ang mga bilanggong lubhang nangangailangan ng alibyo, laluna sa harap ng masikip na mga kulungan sa gitna ng pandemyang Covid-19. Nagtungo ang mga kaanak ng mga bilanggong pulitikal sa Korte Suprema para magsabit ng mga papel na hugis kalapati na may katagang “writ of kalayaan” kasabay ng pagsusumite ng mga liham sa korte.

Muling iginiit ng grupo ang pagpapabilis ng paglalabas ng naturang kautusan dahil sa dumadaming kaso ng Covid-19 sa New Bilibid

Prison at Correctional Institute for Women. Anila, dapat itong pabilisin para bigyang alibyo at palayain ang mga matatanda at maysakit, kabilang ang pinakamatandang bilanggong pulitikal sa bansa.

“Ngayon, hinihiling namin sa Supreme Court na pabilisin ang approval at promulgation ng Writ of Kalayaan, i-convene ang technical working groups ulit para mapabilis ang proseso,” pahayag ni Fides Lim, tagapagsalita ng Kapatid. “Ikalawa, hinihiling namin na tulungan kami ng Supreme Court para sa pagpapalaya... ni Gerardo dela Peña, 83 years old at pinakamatandang political prisoner sa buong Pilipinas.”

Kabilang sa lumahok sa aktibidad sa harap ng korte ang dating bilanggong pulitikal na si Reina Mae Nasino, aktibistang namatayan ng bagong-silang na sanggol habang nakapiit. Pahayag ni Nasino, “sana tugunan ng Korte Suprema ang aming apela para mabigyan ng pagkakataon si Tatay Gerry na makalaya, bagay na ipinagkait nila sa akin para mailigtas ang aking sanggol.” Sampung taon nang ibinibinbin sa kulungan si Tatay Gerry sa kabila ng kanyang mga sakit at katandaan.

Anang grupo, ang kalagayan ni Tatay Gerry, sampu ng mga katulad pa niyang matanda at maysakit, ang nagdidiin kung bakit dapat ilabas na ng Korte Suprema ang Writ of Kalayaan.

10 residente, kabilang ang mga bata at matatanda, idinetine ng 11th IB

Mayo 24, 2023

Ibinaling ng 11th IB ang kanilang galit sa mga sibilyang nang iligal na idinetine ang 10 residente, kabilang ang mga bata at senior citizen, ng Sitio Undol, Barangay Talalak, Santa Catalina, Negros Oriental noong Mayo 17. Pinagbawalan silang lumabas, magtrabaho sa kanilang sakahan at mag-asikaso ng kanilang hayop. Bago nito, nagpaulan ng bala ang mga sundalo sa lugar.

Ayon sa mga residente, pinakawalan ng mga sundalo ang kanilang galit at inis sa mga sibilyan matapos ang pagkamatay ng dalawang sundalo noong Mayo 16 sa isang misengkwentro sa mga pulis sa Carima River in Barangay Talalak, Santa Catalina. Hindi bababa sa 120 sundalo at pulis ang nag-operasyon dahilan para magbunga ng misengkwentro sa hanay nito.

Higit isang linggo na ang operasyong kombat ng mga sundalo na lubhang nakaapekto sa katahimikan at kabuhayan ng mga residente sa lugar.

Ang pagdadawit sa mga sibilyan sa panahon o erya ng armadong tunggalian ay labag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang

populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

2 sundalo patay sa misengkwentro ng AFP at PNP sa Negros Oriental

Mayo 24, 2023

Dalawang tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang naiulat na napatay sa isang misengkwentro ng mga sundalo nito at tauhan ng Philippine National Police sa isang operasyong dumog sa Carima River sa Barangay Talalak, Santa Catalina, Negros Oriental noong Mayo 16. Ayon sa mga residente, hindi bababa sa 120 ang tropang militar at pulis na nag-operasyon sa lugar.

Inilulunsad ng mga pwersa ng estado ang malawakang operasyong militar sa Barangay Talalak at katabing mga barangay para tiyakin ang interes sa pagmimina at pagkukwari sa mga bayan ng Santa Catalina, Siaton, Sibulan, Pamplona, Basay, Valencia, at Bayawan City. Ginagamit din ang mga operasyong militar para takutin ang mga residente at bigyang-daan ang pagpasok ng iba pang nakatakdang mapaminsalang proyekto sa erya.

Kabilang sa mga proyektong planong ipasok sa lugar ang pagmimina ng Midan Corporation sa Sityo Tarug, Barangay San Francisco, Santa Catalina. Planong saklawin ng ekplorasyon ng kumpanya ang isanlibong ektarya ng lupa sa Sityo

Tarug, Barangay San Francisco para sa depositong ginto.

Ayon sa mga nakasaksing residente, sa dami ng tropang ipinapakat para sa mga operasyon nito, sila-sila ang nagkaputukan noong Mayo 16. Higit isang linggo na ang panghahalihaw ng militar sa naturang erya.

Bagong-panganak, asawa niya, inaresto ng 11th IB

Mayo 24, 2023

Iligal na dinakip ng mga elemento ng 11th IB ang bagong-panganak na si Miralyn Fortunado at asawa niyang si Rani Casilao noong Mayo 14 sa Barangay Talalak, Santa Catalina, Negros Oriental. Ayon sa ulat, kapapanganak lamang ni Fortunado nang dakipin ng militar kasama ang kanyang asawa at dinala sa hedkwarters ng 11th IB sa Barangay Salag, Siaton.

Sa pahayag ni Ka Estrella Banagbanag, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southeast Negros (Rachelle Mae Palang Command), ang dalawa ay naka-medical leave. Matapos umanong maaresto ang dalawa, pinilit ng militar si Casilao na “makipagtulungan” at magsilbing giya sa operasyong kombat ng militar. Tinakot umano sila na ikukulong kung hindi susunod.

Wala pang karagdagang ulat kaugnay ng bagong silang na sanggol ni Fortunato.

75-anyos na lider-magsasaka sa Bohol, inaresto sa gawa-gawang kaso

Mayo 25, 2023

Nireyd ng pinagsanib na pwersa ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) at Philippine National Police (PNP) ang bahay ni Adolfo Salas Sr, 75 anyos, kilala rin sa tawag na Tatay Opong, sa Purok 5, Barangay Tubod, Candijay, Bohol kaninang ala-1 ng madaling araw. Hinalughog ang kanyang bahay sa bisa ng isang search warrant at pinalalabas na nakuhaan ng pistolang kalibre .45 at isang kalibre .38, maraming bala at isang granada.

Kinundena ng mga kaanak at ng Karapatan-Central Visayas ang hindi makatarungang pagdakip sa matandang si Tatay Opong. Anang kanyang mga kaanak, walang katotohanan ang pinalalabas na mga armas na nasamsam sa bahay na pawang itinanim lamang ng pulis. Kasalukuyan siyang nakapiit sa Camp Francisco Dagohoy, Tagbilaran City.

Si Tatay Opong ay isa sa mga kasaping tagapagtatag ng pamprubinsyang balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na Hugpong sa mga Mag-uumang Bol-anon (HUMABOL-KMP) at dating tagapangulo ng Alayon sa mga Mag-uuma sa Candijay (AMACAN-HUMABOL-KMP).

Salaysay pa ng mga kaanak, habang isinasagawa ang reyd sa bahay ay nagpakita ng isang bidyo ang isa sa mga operatibang pulis na nagpapakita ng paglahok ni Tatay Opong sa isang rali sa

Tagbilaran City noong Oktubre 2022. Hinanap din umano sa kanila ang isang lider ng Bayan Muna sa prubinsya at ang bagong halal na mga upisyal ng HUMABOL.

Dumanas si Tatay Opong ng matinding panggigipit mula sa pulis at militar sa nagdaang mga taon bago nireyd ang kanyang bahay. Ilang ulit din umano siyang kinumbinsi na “sumuko” at magpailalim sa atas ng mga pwera ng estado.

Dalawang kabataang aktibista, dinukot sa Cagayan

Mayo 25, 2023

Dinukot ng mga ahente ng estado at hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw sina Cedrick Casaño at Patricia Nicole Cierva na kapwa organisador ng mga magsasaka at kabataan sa Barangay Cabiraoan, Gonzaga, Cagayan. Ayon sa mga residente, huling nakita ang dalawa noong ika-18 ng Mayo. Hinihinalang mga elemento ng 501st Infantry Brigade ang dumukot sa kanila.

Si Cierva ay dating lider-estudyante sa University of the Philippines-Manila at noo’y nagsilbing pangkalahatang kalihim ng Katipunan ng Sangguniang Mag-aaral sa UP (KASAMA sa UP), alyansa ng mga konseho ng mag-aaral sa buong UP system.

Panawagan ng Karapatan Cagayan Valley, mga kasama, kaibigan, at kaanak ni Cierva at Casano ang kagyat na pagpapalaya sa kanila. Dagdag pa ng grupo, lalong nakapapangamba ang pagdakip

dahil sa deklarasyon ng AFP na “dudurugin nito ang rebolusyonaryong kilusan sa hilagang silangang bahagi ng Luzon gamit ang anumang paraan.”

Samantala, nagpahayag din ng pangamba ang grupong Taripnong-Cagayan Valley. Ayon sa kanila, “papapanagutin namin ang AFP kung magbubulag-bulagan sila sa pagsunod sa tamang mga protokol at kung isasapanganib nila ang kaligtasan nina Casano at Cierva.”

Ang pagdukot at sapilitang pagwala sa kina Cierva at Casaño ay dagdag sa papadaming kaso ng iligal na pagdukot o pag-aresto sa hanay ng mga organisador, human rights defender, at sibilyan sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Ito ay malinaw na paglabag ng AFP at mga pwera ng estado sa karapatang-tao.

Kontra-pribatisasyon ng koop sa kuryente sa Negros, lumalawak

Mayo 26, 2023

Nagtipun-tipon sa Bacolod City noong Mayo 24 ang hindi bababa sa 20 organisasyon ng iba’t ibang sektor para buuin ang isang koalisyon laban sa pribatisasyon ng Central Negros Electric Cooperative, Inc. (CENECO). Pinirmahan ng mga ito ang isang manipesto na tumututol sa Joint Venture Agreement (JVA) sa pagitan ng CENECO at Ignite Power and Energy Holdings, Inc. na anila’y hindi pabor sa mga konsyumer.

Kabilang sa dumalo at pumaloob sa Anti-Ceneco-JVA Coalition ang Social Action Center ng Diocese of Bacolod, Ceneco Union of Rational Employees, Responsible Supervisory and Confidential Employees, Konsumers Negros, Bayan-Negros, Kadamay, Pamalakaya, at BMP-Sanlakas.

Ayon sa koalisyon, ang CENECO ay isang kooperatiba ng pampublikong serbisyo kung kaya't ang pamumuno at operasyon nito ay hindi dapat ipahawak sa isang pribadong kumpanya. Anito, magreresulta ang JVA sa dagdag na singil sa kuryente dahil ang pangunahing motibo ng MORE Power ay tiyakin ang return of investment nito. Sa tala ng koalisyon, ang singil sa kuryente ng CENECO ay nasa ₱1.0348 per kilowatt hour. Mahigit doble ang sisingilin ng MORE Power na ₱2.3226 per kwh.

Pinabulaanan din ng koalisyon ang pagdadahilan na kailangan ng interbensyon ng CENECO dahil mismong si NEA Administrator Antonio C. Almed ang nagdeklarang hindi naghihingalo ang kooperatiba. Binatikos din nila ang mga nagpapakalat ng mali at pekeng impormasyon para bigyang katwiran ang pribatisasyon ng kooperatiba.

Nangangamba rin sila sa posibleng malawakang tangalan na idudulot ng pribatisasyon, tulad ng nangyari sa mga empleyado ng Bacolod City Water District.

Sa pagtatapos ng programa at pagpirma sa manipesto, sama-samang pinunit ng mga dumalo

sa pagtitipon ang mga kopya ng panukalang kasunduang JVA.

Ilulunsad sa Mayo 28 ang ika-45 Annual General Membership Assembly ng mga kasapi ng CENECO. Dadalo sa pagtitipon ang ilang kinatawan ng koalisyon para ipahayag ang kanilang mga mungkahi at paninindigan.

Ang CENECO ay nagsusuplay ng kuryente sa hindi bababa sa 237,000 kabahayan sa mga syudad ng Bacolod, Bago, Talisay at Silay at sa mga bayan ng Murcia at Don Salvador Benedicto na may kabuuang 158 barangay.

Mga Rizaleñong tinulungan ng mga progresibo, binantaan ng 80th IB

Mayo 26, 2023

Ipinatawag at ginipit ng mga sundalo ng 80th IB noong Biyernes, Mayo 26, ang lahat ng residente ng Sitio, Ligtas, Barangay San Rafael, Montalban, Rizal na nakatanggap ng ayuda mula sa grupong Serve the People Corps (STPC) at Karapatan-Rizal noong Mayo 22. Sa pulong, tinakot at binantaan nila ang lahat ng tumanggap ng tulong.

Pinagbintangan ng 80th IB ang mga boluntir na nagbigay ng tulong sa barangay na mga tauhan diumano ng Bagong Hukbong Bayan. Ipinailalim nila sa interogasyon ang mga residente. Pinalalabas ng mga sundalo na krimen ang pang-uupat ng paglaban sa gubyrno.

Ayon sa Karapatan-Rizal, layunin nilang maghatid ng tulong materyal at moral sa mga apektado ng

sapilitang pagpapalikas sa nangyaring labanan noong huling linggo ng Abril sa pagitan ng mga sundalo at Bagong Hukbong Bayan.

Nagbigay ang mga grupo ng bigas at vitamins sa mga residente. Itinayo din ang community kitchen at isinagawa ang psycho-social na aktibidad para sa mga bata. Kasabay nito, isinagawa rin din ang talakayan hinggil sa Basic Human Rights.

Inilunsad ang isang “open forum” sa kanilang mga karapatan at lumitaw na malaki ang tulong na kailangan ng mga residente lalo na sa usapin ng lupa.

Binatikos ng Karapatan-Rizal ang walang patumanggang pananakot, harassment, pangrered-tag at paglalagay sa panganib sa kaligtasan at buhay ng mga residente at ng mga boluntir ng STPC at Karapatan-Rizal. Anila, “ang ginagawang ito ng 80th IB ay naglalantad lamang sa tunay nilang kulay na anti-mamamayan at ang pinaglilingkuran ay interes ng malalaking negosyante.”

Ang 80th IB ay nagsisilbing gwardya ng anti-katutubo at mapanirang Wawa-Violago Dam na pag-aari ng mga Razon at Violago na magpapalayas sa mga residente doon at magdudulot ng malawakang pagbaha at pagkasira ng kalikasan ng Montalban.

Piket kontra-kwari sa Silay City, isinagawa ng mga magsasaka

Mayo 26, 2023

Nagpiket sa harap ng Provincial Environment Management Office (PEMO) sa Bacolod City ang mga magsasaka ng Silay City noong Mayo 19 para ipanawagan ang pagpapahinto sa mga operasyong kwari na nangyayari sa kanilang syudad. Ayon sa mga magsasakang kinatawan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Negros, wala pa ring aksyon ang lokal na gubyerno sa mapaminsalang operasyong kwari na nagsasapanganib sa kanilang kabuhayan at kaligtasan.

Sa protesta, ibinahagi ng mga residente ng Baragay E Lopez at Hacienda Macamig 3 ang kanilang pangamba sa masamang epekto ng operasyong kwari sa lugar na nagsimula noong 2019. Anila, nagagambala sila ng ingay ng mga trak na naghahakot ng buhangin. Nasira din ang kanilang sistema sa irigasyon na dahilan ng paghina ng inaani, dagdag nila.

Nangangamba rin ang mga magsasaka sa posibleng epekto nito sa kalikasan laluna sa panahon ng tag-ulan na maaaring magpalubha ng pagbaha sa maraming barangay.

Isiniwalat din ng mga magsasaka ang panloloko sa kanila ng mga upisyal ng barangay na nagpapirma sa kanila ng “attendance sheet” sa isang aktibidad na ginamit para pahintulutan ang naturang operasyong kwari.

Kasabay ng protesta, nakipagdayalogo ang mga kinatawan ng magsasaka sa mga upisyal ng PEMO. Matapos ang pag-uusap, nangako ang PEMO na iimbestigahan nito ang kwari at bibisita sa lugar ng kwari.

Sa ulat ng lokal na alternatibong midya noong 2021, may limang operasyong ang umiiral sa syudad. Pag-aari ang naturang mga operasyon ng malalaking negosyanteng sina Jerry Sy na nagmamay-ari ng Silver Dragon, Juan Miguel Gomez, Emilio Jose Gaston, Perseus Causing, at Sandra Encarnacion Sisip. Ang mga ito’y ilan lamang sa pinatatakbo ng daan-daang opereytor ng kwari sa 3rd district ng Negros Occidental.

Ang dala nitong malawakang pagkawasak sa kalikasan at kabuhayan ng masa ang dahilan kung bakit may ilang ulit nang nagsagawa ng armadong aksyon ang Bagong Hukbong Bayan.

Hustisya at “kambalingan,” panawagan sa ika-6 taong anibersaryo ng Marawi Siege

Mayo 27, 2023

Nagmartsa sa loob ng Marawi City ang mga bakwit at grupong Maranao sa ika-6 na taong anibersaryo ng pananalakay ng AFP sa syudad noong Mayo 23. Isinagawa nila ang “Solemn Walk for Justice and Peace” para patuloy na igiit ang hustisya at pagbabalik nila sa kanilang syudad.

Panawagan nila ang kambalingan (homecoming) na ligtas at may dignidad, hindi lamang sa kanilang mga buhay kundi pati na sa kanilang identidad bilang mga Meranao. Kasama sa martsa ang mga residenteng may mga kaanak na napatay o nawala sa panahon ng pananalakay at hanggang ngayon ay hindi pa natatagpuan.

“Sa ika-anim na taong paggunita ng Marawi siege ay muling ipinapahayag naming mga bakwit ng Marawi na walang substansyal na pagbabago sa aming buhay, nananatili pa rin kaming bakwit na nahaharap sa samutsaring problema at kahirapan,” pahayag ng Reclaiming Marawi Movement sa naturang araw.

Sa tala ng ReliefWeb, mayroon ang 80,300 katao o 16,070 pamilya na hindi pa rin nakauwi sa kanilang lugar. Nasa 70% sa kanila ay nananatili sa kanilang mga kamag-anal, habang mayroon pa ring natitira sa mga pansamantalang tirahan. Wala na ngang katiyakan ng kanilang kalagayan sa mga tirahang ito, kulang pa ang mga ito sa tubig at puno na ang mga septic tank. Isa sa pinoproblema nila ang banta ng pagpapalayas sa sobrang tagal nang mga temporary shelter, tulad nang nangyari sa Bakwit Village I sa Matungao, Lanao del Norte na napilitang ilipat sa Dulay Temporary Shelter na napakalayo na sa syudad.

Sa Metro Manila, isinagawa ng Sandugo-Movement of Moro and Indigenous Peoples for Self-Determination ang isang pagtitipon para gunitain ang pambobomba sa Marawi at ang kasabay nitong pagpataw ng batas militar sa buong Mindanao.

Sa Davao City, nagpiket naman ang mga demokratikong grupo para gunitain ang pagpataw ng batas militar sa Marawi at sa buong Mindanao anim na taon na ang nakararaan. Nagbunga ito ng napakaraming paglabag sa karapatang tao, kabilang na ang walang pakundangang pambobomba at ekstra-hudisyal na pamamaslang

sa mga sibilyang Moro. Marami sa mga ito ay ipinalabas ng estado na myembro ng nakalaban nitong grupong Maute sa syudad.

Kumpensasyon sa mga biktima

Sa araw na iyun, pinirmahan ang Implementing Rules and Regulations ng Republic Act 11696 o Marawi Siege Victims Compensation Act, ang lubha nang naantalang kumpensasyon sa mga biktima ng pananalakay. Matagal na nila itong hinihintay para makabalik na sila sa kanilang dating lugar at masimulan ang pagtatayo ng kanilang nasirang mga bahay at ari-arian. Ang malala, naantala na nga, lubha pa itong mababa. Aminado maging ng mga opisyal ng Marawi na kulang na kulang ang matatanggap na kumpensasyon ng mga biktima.

Alinsunod sa batas, makatatanggap ang bawat pamilyang nawalan ng kamag-anak nang P350,000. Makatatanggap naman ng P35,500 kada kwadro metro ang mga may-ari ng mga bahay na sementado na nawasak at P18,000 kada kwadrado metro ang matatanggap ng mga may-ari ng nawasak na bahay na gawa sa kahoy.

Gayunpaman, naglaan lamang ang estado ng P1 bilyong pondo para sa kabuuang kumpensasyon. Ayon sa mga residente, lubha itong mababa lalupa't buu-buong mga ospital, paaralan at iba pang pribadong negosyo at gusali ang pinulbos ng militar sa araw-araw nitong pambobomba sa syudad.

Malayong-malayo ito sa taya ng Asian Development Bank noong 2018 na P11.5 bilyong

halaga ng nasirang mga pampubliko at pribadong mga ari-arian, at P7 bilyon na pinsala sa kabuhayan ng mamamayan.

Higit dito, nananatili ang panawagan ng mamamayang Meranao para sa hustisya. “Totoo na isa ang compensation sa mekanismo para makamit ang transitional justice at dapat at kinakailangan na hangarin ng lahat ang hustisya,” anila. “Pero bago ang lahat, dapat na may pagkilala sa mga naging inhustisya at kung ano ang mga ito, kinakailangan na maipahayag ang katotohanan at mapanagot ang mga gumawa sa anyo man ng pagkukulang at mga kalabisan. Sa ganitong paraan lamang masisimulan ang proseso sa pagkamit ng hustisya at maghilom ang mga sugat.”

Samantala, patuloy na inookupa ng militar ang syudad. Mula 2017, umaabot sa 3,000 sundalo, o isang “supersized brigade” ang permanenteng nakatalaga sa syudad para diumano sa seguridad. Binubuo ito ng 103rd IBde, isang engineering brigade, isang yunit para sa Civil Military Operations at isang logistics team. Liban sa kanila, naglipana ang mga sundalong Amerikano sa syudad, laluna sa tinaguriang Ground Zero, kung saan itinatayo ang isang kampong militar.

Noong Mayo 22, pormal na inilunsad ang Task Force Marawi na binubuo ng 103rd IB, Philippine National Police at mga upisyal ng lokal na gubyerno. Ang pormasyong ito ay katulad sa itinayo sa ibang syudad sa Mindanao.

Panukalang MIF sa Senado, para sa korapsyon at kroniyismo

Mayo 27, 2023

Nakatakdang paspasang pagtibayin sa Senado ang panukala para sa pagbubuo ng Maharlika Investment Fund bago ang pagsasara ng regular na sesyon nito ngayong Mayo. Sa kabila ito ng mariing pagtutol ng maraming sektor sa paggamit ng estado sa bilyun-bilyong pondo ng bayan at pagkonsentra nito sa kamay ni Ferdinand Marcos Jr at kanyang mga kasapakat na upisyal at negosyante.

Ayon sa mga kongresista ng grupong Makabayan, tusong ibinalik ng Senate Bill 2020 ang planong paggamit ng mga pondong pensyon ng mga kawani ng gubyerno sa Government Service Insurance System at ng pribadong mga manggagawa sa Social Security System para tustusan ang MIF. Ang probisyon para rito ay tinanggal sa bersyong niratsada sa Mababang Kapulungan dulot ng malawak na pagtutol ng mga manggagawa at kawani.

Bagaman ang panukala sa Senado ay may probisyong nagsasabing hindi na oobligahin ang GSIS at SSS na mag-ambag sa MIF, sinabi naman nitong pwedeng kusang mag-ambag ang dalawang institusyon kapag sumang-ayon ang mga komiteng namamahala sa mga ito. Itinatalaga ng nakaupong presidente ang mga upisyal ng naturang mga institusyon, at sa gayon ay nakatitiyak siya sa pagsunod ng mga ito.

Gayundin, ibinukas din sa MIF ang pamumuhunan ng mga dayuhang negosyante. Alinsunod sa panukala, maaari nang umupo ang mga dayuhan sa board o mamumunong lupon nito, at sa gayon, magkakaroon sila ng kontrol sa dambuhalang pondo ng bayan.

“Para bang di pa sapat ang pagpapahintulot nang 100% dayuhang pag-aari tulad nang itinulak sa charter change, ngayon naman ay gusto ng administrasyong ito na bigyan ng kontrol ang mga dayuhang negosyante sa ating mga buwis, at kahit sa pinaghirapang mga pensyon ng mamamayang Pilipino,” pagkumenda ni Gabriela Rep. Arlene Brosas.

Nagbabala rin si Atty. Neri Colmenares ng Bayan Muna sa “banta ng korapsyon at kroniyismo” ng MIF sa bilyun-bilyong pampublikong pondo.

“Doble na ngayon ang pondo ng Maharlika Fund mula ₱275 bilyon sa ipinasa ng House of Representatives noong Disyembre 2022 tungong ₱500 bilyon,” aniya. Hindi na lamang pondo ng GSIS at SSS ang sisipsipin nito, nanganganib pati ang pondo ng Pag-ibig.

Pamamahalaan ang pondo ng itatayong Maharlika Investment Corporation (MIC), kung saan uupo ang mga upisyal ng gubyrno at ang mga lokal at dayuhang mamumuhunan dito. Pahihintulutan ang MIC na mamuhunan sa anumang gusto nitong paborang korporasyon sa pagmimina, real estate, enerhiya, imprastruktura, komersyal na bonds at equities. Sa gayon, bukas na bukas ito sa kroniyismo, ani Colmenares. Plano ring bigyan ng

awtoridad ang MIC na patawarin ng anumang korporasyon sa mga claim o liability nito na maaaring humantong sa pagdami ng behest loan o utang sa pinaborang mga kroni, katulad nang naganap sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr.

Gayundin, ligtas sa regulasyon ng estado ang sweldo at iba pang pribilehiyo na maaaring ibigay ng mga upisyal ng Maharlika sa kanilang mga sarili. Maari itong umabot sa ₱10 bilyon kada taon. Kukunin ang mga sweldo at pribilehiyong ito sa buwis, pensyon at deposito ng ordinaryong mamamayan.

Samantala, walang maasahang kagyat na kita at benepisyong mamamayan sa MIF dahil kalakhan ng pondo nito ay ilalagak sa mga pamumuhunang “pangmatagalan.”

Aberyang dala ng Ungka Flyover, pinaimbestigahan

Mayo 28, 2023

Nagpiket noong Mayo 24 sa harap ng Ungka Flyover sa Barangay Pavia, Iloilo ang iba't ibang progresibong grupo sa pangunguna ng Bayan-Panay kasama ang mga manggagawa, sektor ng transportasyon, mga taong simbahan, at mga propesyunal upang ipanawagan ang imbestigasyon at pagpapanagot sa likod ng palpak at maanomalyang konstruksyon ng kalsada.

Mahigit dalawang buwan lamang nagamit P650-milyong bagong-gawang kalsada matapos buksan ito noong Setyembre 2022 dahil sa depektibo

pagkakagawa ng pundasyon nito. Ipinasara ng mga lokal na upisyal ng prubinsya ang flyover para ipaayos sa harap ng peligro nitong gumuho. Tinatayang aabot sa ₱250 milyon ang gagastusin sa pagkukumpuni.

Isa ito sa maraming palpak na proyektong imprastruktura na imbis na makatulong ay nagdudulot pa ng dagag na pahirap sa bayan. Bago ang kilos protesta, pinaabot na ng maraming residente ang kanilang pagkadismaya sa social media.

“Kami sa transport ang pinakaapektado rito. Perwisyo lang ang dala nitong flyover,” pahayag ni Rowel Tipawan, Vice Chairman ng Iloilo City Loop Alliance of Jeepney Operators and Drivers Association – Western Visayas Transport Cooperative. “Malaking pera na ang nasayang ng guberno dito na dapat ay para sa taumbayan. Hindi lang kami ang naapektuhan kundi ang pangkabuuan lalo na ang mga kawawang estudyanteng laging late dahil sa traffic.”

Ayon rin sa mga ilang residenteng sumama sa rally, “Pinapasok kami ng hanggang tuhod na baha. Hindi na rin nakakapasok ang mga apo ko dahil dito.” Bukod sa mahabang traffic ay lalo ring napamahal ang pamasaha ng mga komyuter para maikutan lang ang abalang dala ng flyover.

Mga akusasyon ng AFP kontra sa mga Lumad sa Davao, ibinasura ng korte

Mayo 28, 2023

Nakalaya noong Biyernes, Mayo 26, ang magkapatid na Lumad na sina Ismael Pangadas at Mawing Pangadas, at ang mga boluntir na guro sa paaralang Lumad na sina Lerna Laiwan Diagone, Jeffrey Diagone at development worker na si Elenita Elmino matapos silang ipawalang-sala sa gawa-gawang kasong human trafficking na isinampa laban sa kanila. Nakulong ang lima nang walo hanggang 10 buwan.

Ang magkapatid na Pangadas ay inaresto sa Davao City noong Hulyo 25, 2022 matapos dumalo sa protesta kontra sa unang State of the Nation Address (SONA) ni Ferdinand Marcos Jr. Ang magkapatid ay mga Manobo na mula sa bahagi ng Pantaron Range na saklaw ng Talaingod, Davao del Norte. Samantala, ang mag-asawang Diagone kasama ang kanilang noong 9-buwang anak ay inaresto ng 39th IB noong September 6, 2022.

Sa mga desisyon ng korte, bigo ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na patunayan ang krimeng ibinintang sa lima dahil sa mahihinang ebidensya.

Binati ng grupong Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas ang paglaya ng lima. Ayon sa grupo, ang pagpapawalang-sala sa mga “kasapi at tagasuporta ng mga eskwelahang Lumad ay nagpapatibay sa laban para sa...edukasyon na nakaugat sa kaalamang Katutubo, siyentipikong konsepto ng sustainability, at dekolonisadong pamamaraan sa kasaysayan.”

Pinagpugayan din ng grupo ang kahandaan ng mga bagong-laya na ipagpatuloy ang kanilang pakikibaka at pakikiisa sa laban para sa sariling pagpapasya ng mga pambansang minorya.

Giit ng grupo, ang paglaya ng lima ay isa lamang unang hakbang. Nangako rin ang grupo na igigiit ang pananagutan at pagpapanagot sa mga sangkot sa hindi makatarungang pagkukulong sa lima nilang kasamahan.

Samantala, patuloy ang panawagan ng mga grupong sumusuporta sa mga pambansang minorya na tuluyan nang ibasura ang mga gawagawang kaso sa binansagang Free Lumad and Environmental Defenders (FLED) 14, kung saan kabilang ang lima. Ang FLED 14 ay mga katutubong Lumad at tagapagtanggol ng karapatang-tao na binubuo ng anim na estudyanteng Lumad, anim na mga guro ng paaralang Lumad at dalawang lider ng komunidad, na ginigipit ng estado dahil sa kanilang pagtindig para sa lupang ninuno.

Mga manggagawa sa Paperland Inc, nakatakdang magwelga

Mayo 28, 2023

Naghapag ng notice of strike (NoS) ang mga manggagawa ng Paperland Inc noong Mayo 26 matapos ma-deadlock ang negosasyon para sa collective bargaining agreement nito para sa taong 2022-2025. Nagpasyang magwelga ang mga manggagawa matapos tanggihan ng maneydsment

ang lahat ng hinihinging dagdag na probisyon sa ekonomya at pulitika sa binubuong CBA.

Panawagan ng mga manggagawa: “CBA, Wag I-Zero.”

“Ni singkong duling ay walang ibinibigay ang maneydsment,” ayon sa mga manggagawa. Tatlong buwan nang inantala ng kapitalista ang pirmahan ng bagong CBA, at ilang beses na nitong ipinagpaliban ang mga negosasyon sa samutsaring pagdadahilan. Sa huli, binawi pa nito ang napagkaisahan nang mga probisyon.

“Wari’y nakalimot na yata kung sino ang lumilikha ng tubo nila,” batikos ng mga manggagawa sa kumpanya. Apat na taon na silang walang dagdag na sahod. Noong panahon ng pandemya, pumayag silang hindi muna tumanggap ng dagdag-sahod matapos humingi ang kumpanya ng “kunsiderasyon.” Pangako ng maneydsment noon, magdadagdag ng ₱9 sa sahod sa ika-5 taon.

Ang Paperland Inc ay isang kumpanyang gumagawa pangunahin ng “industrial paper” o papel na ginagamit sa packaging, shipping at pagmamanupaktura. Matatagpuan ang Paperland sa Balintawak, Quezon City.

Protesta kontra-gera at AUKUS, inilunsad sa Sydney

Mayo 28, 2023

Nagmartsa ang iba’t ibang grupo sa pangunguna ng Sydney Anti-AUKUS Coalition (SAAC) sa Sydney, Australia noong Mayo 24 para

kundenahin ang militaristang koalisyong AUKUS (Australia, United Kingdom, at United States) at Quad (Australia, India, Japan at United States), at ang pag-uudyok ng mga ito ng gera laban sa China.

Ang kilos-protesta ay isinagawa matapos magpulong ang grupong Quad sa Hiroshima, Japan noong Mayo 20, kasabay ng idinaos doon na kumperensya ng mga G7 sa naturang lugar.

Ayon sa grupo, nababahala sila sa tunguhin ng Quad at G7 na lalong paigtingin ang tensyon sa Asia. Kinastigo nito ang palabas ng Quad bilang isang “partnership” at “susing pundasyon ng patakarang panlabas ng Australia.”

Pinuna ng grupo ang ginawang pag-anunsyo ni US President Joe Biden sa Japan na ibayong palalakasin ang pagtutulungan ng US at Australia sa produksyon ng mga armas pandigma at militarisasyon sa rehiyon sa balangkas ng AUKUS.

Kaugnay nito, maglalaan ng \$368 bilyon ang guberno ng Australia para bumili ng hindi bababa sa walong nuclear submarine mula sa US. (Ang kontratang ng pagbebenta ng mga submarino sa Australia ay inagaw ng US mula sa France noong 2021.) Giit ng mga grupo na imbes na ilaan ang bilyun-bilyong pondo sa mga nuclear-powered submarine at iba pang armas pandigma, dapat itong ilaan sa serbisyong panlipunan at pangkalikasan.

Sa parehong araw, naglunsad din ng vigil ang mga kasapi ng Anti-War Victoria at Bagong Alyansang

Makabayan-Australia sa US Embassy sa Melbourne, Australia. Bahagi ito ng buwanan nilang aktibidad para igiit ang pagkalas ng Australia sa mga digmang pinangungunahan ng US.

Sertipikasyong “kagyat” ng panukalang MIF, di dapat sundin

Mayo 28, 2023

“Di konstitusyunal” ang hakbangin ni Ferdinand Marcos Jr na sertipikahang “urgent” ang panukalang Maharlika Investment Fund, ayon kina Atty. Neri Colmenares ng Bayan Muna at Sen. Koko Pimentel. Sa gayon, hindi dapat sundin ng mga senador ang atas ni Marcos na ipasa ito bago magsara ang regular na sesyon ng Senado.

Ayon kay Atty. Colmenares, “abuso sa kapangyarihan ng upisina ng presidente” ang ginawang sertipikasyon ni Marcos. Ginawa ito para ikutan ang konstitusyunal na rekisito kung saan kailangan ng tatlong pagdinig ang isang panukala bago ito aprubahan. Saklaw lamang ng ganitong awtoridad ang mga panukalang nakatuon sa mga kalamidad, pandemya o iba pang kalagayang pangkagipitan, aniya.

“Anong emergency sa publiko o kalamidad na tinutugunan ang Maharlika Investment Fund?” tanong ni Sen. Pimentel. “Hindi ba pangmatagalan ang pamumuhunan sa pondong ito?” Aniya, aabutin ng lima hanggang 10 taon bago matamasa ng mamamayan ang mga benepisyong, kung magkakaroon man.

Umalma rin si Sen. Chiz Escudero na nagsabing “talon sa kawalang-katiyakan” ang MIF.

Kinwestyon niya ang kakayahan nitong kumita ng mas malaki sa kinikita ngayon ng mga bangkong pagkukunan ng pondo. Tinutukoy niya ang Development Bank of the Philippines at Land Bank of the Philippines, na kumikita ng abereyds na 6% mula sa mga pamumuhunan nito sa kasalukuyan. Tanong niya, makatitiyak ba na mas mataas ang kikitain ng MIF mula sa ₱75 bilyong pondo na kinikita nito ngayon mula sa pamumuhunan.

Boluntir na guro ng mga Lumad, pinarangalan sa Ireland

Mayo 29, 2023

Tumanggap ng parangal sa 2023 Frontline Defenders Award ang guro ng mga Lumad at tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo na si Teacher Jeany ‘Rose’ Hayahay noong Mayo 26 sa Dublin, Ireland. Ginawaran siya ng Award for Human Rights Defenders at Risk para sa rehiyong Asia-Pacific.

Si Hayahay ay kinilala sa kanyang matikas na pagtindig para sa karapatan ng mga katutubo. Naging boluntir siya na guro ng Salugpungan Ta’ Tanu Igkanogon Community Learning Center sa Compostela, Davao de Oro bago ito ipinasara ng dating rehimeng Duterte noong 2021.

Ang iba pang pinarangalan ay sina Amina Abdallah Mohamed Ali ng Somalia, Mohamed Naeem ng Pakistan, Raúl Gómez ng Mexico, at Vitaly Shishov ng Russia.

Ipagkakaloob ng parangal ang suportang pinansyal, tulong sa seguridad at internasyunal na pagkilala para tulungan ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao na ipagpatuloy ang kanilang mga adhikain.

Layunin ng taunang Award for Human Rights Defenders at Risk na kilalanin ang mga indibidwal na “matapang na nagbibigay ng kanilang bantog na kontribusyon sa pagtataguyod at pagprotekta ng karapatang-tao ng iba, madalas sa harap ng personal na mga panganib.” Sinimulan ang pagbibigay ng parangal noong 2005.

Sa talumpati ni Hayahay sa programa sa Dublin kung saan tinanggap niya ang parangal, ibinahagi niya ang dinanas na pagsubok ng mga katulad niyang tagapagtataguyod ng karapatan ng mga katutubo sa bansa. Inialay niya ang parangal sa kapwa boluntir na guro na sina Chad Booc at Gelejurain Ngujo II na pinaslang ng militar noong Pebrero 2022.

Isinalasyay niya rin ang pagpapasara ng estado sa 216 esekwelahang Lumad sa imbing layunin na supilin ang paglaban ng mga ito para sa lupang ninuno at karapatan sa sariling pagpapasya. Naapektuhan nito ang higit 10,000 estudyante, ayon pa sa kanya.

Sa huli, pinagtibay niya ang kanyang panata na ipagpapatuloy ang pagtindig kasama ang mamamayang Lumad ng Mindanao. “Nananawagan ako at hinahamon ko ang internasyunal na komunidad na tumindig kasama

ang mga katutubong mamamayan at api, na magsaliba at tumindig kasama namin,” aniya.

Daan-daang OFW na pinagbawalan sa Kuwait, pinababayaan

Mayo 29, 2023

Umabot na sa 815 overseas Filipino workers (OFW) ang naitalang apektado ng bagong patakaran ng bansang Kuwait na pagbabawal matapos ianunsyo ng gubyerno ng naturang bansa ang pagsuspende nito sa lahat ng tipo ng entry visa para sa mga manggagawang Pilipino.

Sa pahayag ng Migrante International, kinukundena nito ang gubyerno ng Kuwait sa pagbabawal nito sa pagpapapasok at pagbalik sa trabaho ng mga OFW. Kabilang sa kanila ang mga nakakuha na ng Overseas Employment Certificate (OEC). Ang 514 sa kanila ay handa na sanang umalis at naghihintay na lamang na makalipad palabas ng bansa bilang mga domestic worker.

Nagmula ang desisyon ng Kuwait sa diumano ay paglabag ng gubyerno ng Pilipinas sa labor bilateral agreement na naglalaman ng pangangalaga at proteksyon sa karapatan at kapakanan ng mga manggagawang Pilipinong nasa Kuwait. Inalmahan ng Kuwait ang pagbibigay ng embahada ng Pilipinas sa bansa ng kanlungan at akmang tulong sa mga Pilipinong biktima ng pagsasamantala at abuso sa kamay ng mga amo nilang Kuwaiti at sa kahinaan sa pagsugpo ng laganap na iligal na pangongontra.

“Dapat lamang na itaguyod ang pangangalaga sa karapatan ng mga manggagawa laluna ang mga domestic worker na may pinakamalaking porsyento ng mga OFW sa Kuwait at siya ring pinakabulnerable sa pagsasamantala at sekswal na pang aabuso at karahasan,” ayon sa grupo. Noong 2022, hindi bababa sa dalawang OFW sa Kuwait ang biktima ng iba’t ibang anyo ng abuso, kabilang ang rape.

Panawagan ng Migrante na ibasura ang sistemang Kafala na nagsisilbing kadena sa pagitan ng amo at migranteng manggawa para ipatupad ang pangkalahatang pagkontrol nito sa kanilang empleyado.

Samantala, wala pa ring ginagawang hakbang ang administrasyong Marcos Jr para resolbahin ang suliranin na ito maliban sa pagbibigay ng kakarampot na ₱30,000 na ayuda sa mga apektadong manggagawa.

“Patunay lamang ito na hindi sapat ang patakarang labor para tugunan ang pangangailangang trabaho ng mga Pilipino. Pinapanatili lang tayo nitong nakaasa sa pabagobagong demand ng iba’t ibang bansa at inilalagay lang tayo sa kalagayang mas vulnerable sa pagsasamantala.” dagdag ng Migrante International.

Tinatayang mahigit 280,000 ang kabuuang bilang ng mga migranteng Pilipino na nanganganib mawalan ng kabuhayan dulot ng ban ng Kuwait.

Limos na programang ‘food stamp’ ni Marcos Jr, insulto sa anakpawis

Mayo 29, 2023

Insulto sa masang anakpawis ang limos na programang ‘food stamp’ na nais ipatupad ng rehimeng Marcos Jr sa bansa, ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. “Bigyan naman natin ng dignidad ang ating mamamayan. Nagugutom na nga ang karamihan, ituturing pang parang pulubing namamalimos ng pagkain,” pahayag ng grupo.

Inianunsyo kamakailan ni Marcos Jr ang planong magpatupad ng isang Food Stamp Program sa bansa para bigyan diumano ng alibyo ang mahihirap at gutom na Pilipino katuwang ang Asian Development Bank.

Giit ng KMP, huwag sanang ituring ang mga Pilipino na mga pulubing nanlilimos. “Malala ang problema ng kagutuman at hindi ito masusulasyonan lamang food stamps. Kaya nitong masagot ang isa o dalawang beses na pagkain ng isang pamilya pero paano ang kinabukasan at pangmatagalan?” dagdag ng KMP.

Paninindigan ng grupo, ang sagot sa dinaranas na kahirapan ng mayorya ng mga Pilipino ngayon ay disenteng trabaho, kabuhayan, ayuda at abot-kayang presyo ng pagkain.

Ayon naman sa grupo ng mga mangingisda na Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), imbes na ‘food stamp’

dapat bigyan ng suporta sa lokal na produksyon ang mga magsasaka at mangingisda para sa epektibong pagtugon sa kagutuman sa bansa.

“Mas sustainable kung magpapatupad ng pangmatagalang...programa ang administrasyong Marcos na layong palakasin ang lokal na produksyon sa agrikultura at pangingisda,” paliwanag ng Pamalakaya. Matitiyak umano ng malakas na lokal na produksyon ang istableng suplay at murang pagkain sa merkado.

Paniniwala ng dalawang grupo na ang pagsusulong ng programang ‘food stamp’ ng gubyerno ay nagpapatunay lamang ng labis na pagkainutil ni Marcos Jr na tugunan ang krisis sa pagkain sa bansa. “Ang pamamahagi ng food stamp ay ang pinakawalang-silbi sa lahat ng mga palyatibong hakbang na maaaring ibigay ng gubyerno,” ayon pa sa KMP.

Sa konserbatibong taya ng Philippine Statistics Authority noong 2021, nasa 19.99 milyong indibidwal o 18.81% ng kabuuang populasyon ang nabubuhay ng mas mababa sa poverty threshold ng bansa na P12,030.

Proyektong MIADP ng World Bank, banta sa lupang ninuno ng mga Lumad at Moro

Mayo 29, 2023

Inaprubahan ng World Bank noong Mayo 26 ang pautang na \$100 milyon (P5.6 bilyon sa palitang P56=\$1) para sa Mindanao Inclusive Agriculture

Development Project (MIADP). Tulad ng iba nitong proyekto, padudulasin ng MIADP ang pagpasok at kontrol ng dayuhan at lokal na mga kapitalista sa malalawak na lupang ninuno ng Mindanao. Target na sasaklawin nito ang 400,000 ektaryang produktibong lupa sa 26 na ancestral domain o lugar na saklaw ng lupang ninuno o ng mga grupong Lumad at Moro. Direktang apektado ng proyekto ang 120,000 magsasaka at mangingisdang minorya. Katuwang dito ng World Bank ang Department of Agriculture at AFP.

Sa ngalan ng “pagpapataas ng produktibidad sa agrikultura,” gagamitin ang pondong ipinautang ng WB para sa konstruksyon at rehabilitasyon ng mga daan, tulay at iba pang imprastruktura na magpapadali sa transportasyon ng mga produktong agrikultural mula sa kabundukan tungo sa mga syudad at daungan. Hindi ito naiiba sa ibang proyektong imprastruktura at kunwa’y pang-agrikultura ng World Bank sa Mindanao na pangunahing nagsisilbi sa komersyal na plantasyon ng kumpanyang multinasyunal.

Kasabay nito, bibigyang-daan ng MIADP ang pagpapalit-gamit sa mga lupang ninuno tungo sa mga sakahan ng mga high-value crop na madalas pang-eksport. Pagdadahilan nito, malaking bahagi pa ng mga lupa na saklaw ng mga Lumad at Moro ay “hindi ginagamit” o di kaya’y nakapailalim lamang sa “subsistence production” o agrikulturang pangkonsumo.

Layunin ng World Bank na ipasok ang mga lupang ito sa “supply value chain” ng pandaigdigang produksyong kapitalista. Hindi ito naiiba sa

katuwang na programa ng institusyon na Philippine Rural Development Project na nagtutulak para sa ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon. Noong 2015, tinayang umabot na sa 500,000 ektarya ng lupang agrikultural sa Mindanao ang pinakikinabangan ng mga plantasyong ito. Simula 2016, tinarget ng mga kumpanyang nagpapatakbo rito ang pagpapalawak sa dagdag na 503,000 pang ektarya (116,000 para sa goma, 7,903 para sa kape, 60,000 ektarya para sa kakaw at 300,000 ektarya para sa palm oil.)

Sa disenyo, ang MIADP ay bahagi ng pasistang programang kontra-insurhensya na may layuning supresyon at pasipikasyon o panunupil at pagpapatahimik. Ayon mismo sa Project Information Document na inilabas para rito noong 2020, isa ito sa mga “susing proyekto” na “magpapalakas sa mga komunidad” para mabawasan ang kanilang “bulnerabilidad” sa mga armadong grupo.

Tungo rito, gagamitin ng MIADP ang mga huwad na grupo at samahang na naitayo ng Armed Forces of the Philippines matapos ang lampas anim na taong matinding militarisasyon, pambobomba at pwersahang pagpapasurender sa libu-libong mga katutubo at magsasaka sa isla. Isang “modelo” nito ang pakanang “Peace 911” ni Sara Duterte sa Davao City kung saan tinambakan ng bata-batalyong sundalo at paramilitar ang Paquibato District para “linisin” ito sa “impluwensya” ng armadong kilusan.

Nagdulot ito ng kahindik-hindik na mga krimen laban sa sangkatauhan at mga paglabag sa karapatang-tao. Binigyan-daan nito ang kunwa'y "peace economy" na walang iba kundi ang pang-aagaw ng mga plantasyon ng falcata, rubber, cacao, gemilina, coffee, mahogany at narra sa mga lupa ng magsasaka at Lumad. Pinapasok din nito ang isang plantasyon sa oil palm. Saklaw ng lupang ninuno ng mga Ata-Manobo ang 67,000 ektarya ng naturang distrito.

Tatlong magsasaka, pinatay ng 15th IB

Mayo 29, 2023

Magkakasunod na kaso ng pagpatay ang naitala sa timog na bahagi ng Negros Occidental simula Mayo 21. Walang-awang pinatay ng mga sundalo ng 15th IB na naglulunsad ng operasyong kombat ang tatlong magsasaka sa Sipalay City at Cauayan.

Pinagbabaril ng mga sundalo ang magsasakang si Gusting Mapos sa Sityo Bajay, Barangay Caliling, Cauayan, Negros Occidental noong Mayo 21, alas-3:30 ng hapon. Ayon sa mga residente, papunta si Mapos sa kanyang uma nang makaslaubong ng mga sundalo at basta na lamang pinagbabaril.

Para bigyang katwiran ang kanilang brutal na krimen, pinalalabas ng 15th IB na mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Mapos at napatay sa isang "engkwentro" sa naturang lugar. Pinabulaan naman ito ng BHB-Southwest Negros at sinabing walang engkwentrong naganap dito

dahil walang yunit ng BHB sa panahong iyon sa lugar.

Tulad ng nakagawian ng mga sundalo, pinalalabas pang nakakumpiska ng isang kalibre .45, isang command-detonated explosive at blasting cap, dalawang magasin, mga bala at isang bakpak mula sa biktima. Labis ang pagtangga ng mga residente ng komunidad na nagkaroon ng engkwentro.

Sa Sipalay City, dinakip ng 15th IB si Jonel Bayno, 27 anyos, residente ng Barangay Manlucahoc at nakita na lamang ang kanyang nakahandusay na bangkay sa Crossing Tanduay, Barangay Camindangan noong Mayo 25.

Ilang araw matapos nito, dinakip din ng mga sundalo si Rogelio Lacton, residente ng Barangay Camindangan at natagpuang patay at nakahandusay ang bangkay sa Sitio Sadlum sa naturang barangay noong Mayo 27.

Ang kriminal at brutal na pagpatay sa mga sibilyan ay labag sa internasyunal na makataong batas at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

Ayon sa ulat, simula pa Abril 23 ay naglulunsad na ng nakapokus na operaysong militar ang 15th IB sa Cauayan at Sipalay City. Sinasaklaw ng mga operasyon nito ang hindi bababa sa 46 sityo sa pitong barangay sa bayan ng Cauayan, habang hinahalihaw nito ang pitong sityo sa Barangay Camindangan, Sipalay City.

EDITED: 9:22 AM, May 30, 2023

4 sibilyan, 1 hors de combat, sadyang pinatay ng AFP sa loob ng isang araw

Mayo 30, 2023

Dalawang kaso ng pagmasaker at sadyang pagpatay sa mga sibilyan at hors de combat na mga Pulang mandirigma ang naitala sa Negros Occidental noong Mayo 20. Batay sa mga ulat, pinatay ng mga sundalo ang limang sibilyang magsasaka at isang sugatang Pulang mandirigma sa dalawang makahiwalay na insidente.

Naitala ang unang kaso sa Sityo Napiluan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla kung saan nilusob ng 62nd IB ang bahay ng pamilyang Ramirez noong araw na iyon. Pinaulanan nila ito ng bala dahilang para masugatan ang nagpapahingang Pulang mandirigma na si Alvin Bayno o Ka Dagger. Imbes na lapatan ng paunang lunas, sadyang tinuluyan siyang patayin ng mga sundalo.

Pinatay din ng mga berdugo ang sibilyang mag-asawang sina Evelyn Meren at Julieven Ramirez

na may-ari ng bahay na tinutuluyan ni Bayno. Nasugatan sa walang-patumanggang pamamaril ng mga sundalo ang magsasakang si Ruben Obidas na residente ng parehong sityo. Imbes na gamutin, pinatay din siya ng mga sundalo.

Sa araw ding iyon, nilusob at pinagbabaril ng 16th Scout Ranger Company ang bahay ng pamilyang Babor sa Sityo Amumuyong, Barangay Trinidad, Guihulngan City. Nasugatan sa pamamaril ang padre de pamilya na si Antonio Babor, 77 at anak niyang si Jurielen Babor, 27, bago sila tuluyang pinatay ng mga sundalo, sa halip na gamutin katulad ng nakasaad sa internasyunal na makataong batas.

770 magtutubo sa Batangas, nakatanggap ng tulong pampinansya

Mayo 30, 2023

Nakatanggap ng tulong pampinansya ang mga magtutubo sa Batangas na nawalan ng hanapbuhay dahil sa pagsasara ng mayor na asukarera. Ang ayuda na nagmula sa Department of Social Welfare and Development ay inilabas sa tulong ng kinatawan ng Gabriela Women's Party. Naganap ngayong araw ang pamamahagi ng tulong sa unang bats ng mga magtutubo sa bayan ng Balayan.

Nasa 770 magtutubo ang tumanggap ng inisyal na ₱10,000 sa maksimum na ₱30,000 kabuuang ayudang pampinansya kada pamilya. Ang mga nakatanggap ay pinroseso ng samahan ng mga magtutubo na Sugarfolk's Unity for Genuine

Agricultural Reform (SUGAR) at ng DSWD. Ang relatibong mabilis na paglalabas ng pondo ay dulot ng pakikipagtulungan ng DSWD, Gabriela Women's Party at ni House Speaker Martin Romualdez.

Ipinaglaban ng mga magtutubo ang tulong na ito mula nang magsara ang Central Azucarera Don Pedro Inc. o CADPI noong nakaraang taon. Ang paglalabas ng tulong pampinansya ay bahagi ng resolusyon na inihapag ni Gabriela Rep. Arlene Brosas sa Kongreso noong Pebrero para imbestigahan ang pagsasara ng asukarera at bigyan ng kagyat na ayuda ang apektadong magtutubo.

“Patunay lamang ito na may nagagawa ang sama-samang pagkilos anumang pananakot ang gawin nila laban sa atin,” pahayag ni Rep. Brosas. “Dapat isustine pa ang kampanya para isalba ang kabuhayan ng libu-libong manggagapak ng tubo sa Batangas.”

Kaisa si Brosas sa panawagan ng SUGAR na hindi dapat magtapos ang laban ng mga magtutubo sa pamamahagi ng ayuda, lalupa't temporaryo lamang ito.

“Hindi rito natatapos ang ating laban!” pahayag ng SUGAR. “Higit pa sa panandaliang ayuda, patuloy ang panawagan nating mapanumbalik sa pag-ilo ng ating mga tubó ang Central Azucarera de Don Pedro, Inc, at maisalba ang ating lokal na industriya ng asukal at tubó!”

“Dapat magkaroon ng programa para ibangon ang lokal ng industriya ng asukal sa halip na umasa sa unli-importasyon ng tone-toneladang asukal. Kailangang isalba ang mga kababayan nating magtutubo at manggagawang bukid, at hadlangan ang land conversion ng mga tiwangwang na tubuhan bunga ng pagsasara ng CADPI,” ayon naman kay Rep. Brosas.

Bilanggong pulitikal sa Negros, pinaimbestigahan ang pagkawala ng anak

Mayo 31, 2023

Nanawagan kahapon ang isang babaeng bilanggong pulitikal sa Negros Occidental sa Commission on Human Rights sa Western Visayas na kagyat na magsagawa ng imbestigasyon sa sapilitang pagkawala ng kanyang anak, kasama ang dalawang drayber ng habal-habal, noong Abril 19 sa bayan ng Hinigaran. Ang tatlo ay unang ibinalitang dinukot ng mga pwersa ng estado at hindi pa inililitaw hanggang ngayon.

Sa isang sulat sa CHR na may petsang Mayo 20, sinabi ni Rossine Enyong, bilanggong pulitikal na nakapiit sa Negros Occidental District Jail na ang kanyang anak na babae na si Lyngrace Marturillas, at ang mga drayber ng habal-habal na sina Renel de los Santos at Denald Mialen, ay 40 araw nang nawawala.

Ang tatlo, kasama ang pinatay ng militar na konsultant ng National Democratic Front of the Philippines sa Negros na si Roger Posadas, ay

bumibyahe noong Abril 19 sa Aranda-La Castellana Road. Ayon sa mga saksi, ang dalawang magkasunod na motor ay hinarang ng mga van bago sapilitang isinakay dito sina Marturillas.

Labis ang pag-aalala ng mga kaanak at grupo sa karapatang-tao sa tatlo dahil si Posadas ay pinalabas na napatay sa isang engkwentrong militar noong Abril 20 sa Barangay Santol, Binalbagan.

Binigyan din ng kopya ng sulat ni Enyong ang International Committee of the Red Cross (ICRC) para sa posibleng tulong at karampatang aksyon na kaya nitong ipagkaloob sa mga biktima.

Naglunsad din ng isang araw na ayuno ang mga kapwa bilanggong pulitikal ni Enyong kahapon bilang pagsuporta sa panawagang ilitaw ang mga dinukot ng militar at sa laksa pang mga kaso ng paglabag nito sa karapatang-tao sa buong isla ng Negros.

Maharlika Fund, niratsada sa Senado

Mayo 31, 2023

Inaprubahan na ng mga kaalyadong senador ng rehimeng Marcos madaling araw kanina ang panukala sa pagbubuo ng Maharlika Investment Fund (MIF) na magpapasakamay ng bilyun-bilyong pisong pondo ng bayan sa pamilyang Marcos at kanilang mga kasapakat na pulitiko at negosyante. Minadali ang mga pagdinig rito matapos maanomalyang ideklara ni Ferdinand Marcos Jr

bilang “kagyat na panukala.” Pinagpuyatan ng mga senador hanggang madaling araw ng Mayo 31, huling araw ng regular sesyon ng Senado, para mairatsada ito.

Lumusot ang panukala sa botong 19 na pabor, isang tutol at 1 abstain.

Inamin maging ng mga senador na bumoto rito na aabutin nang 10 hanggang 20 taon bago mapakinabangan ng mamamayan ang “kita” ng MIF, kung kikita man ito. Sa aktwal, walang katiyakan na magtatagumpay at hindi malulugi ang mga proyektong popondohan nito. May probisyon pa ang panukala na maaaring “patawarin” ng lupong mamamahala rito ang mga di mabayarang utang ng mga mamumuhunan nito.

Bilang tugon, nagpiket ang mga progresibo, sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan, sa harap ng Bangko Sentral ng Pilipinas para iparating ang patuloy na pagtutol ng mamamayan sa MIF. Pahayag ng grupo, magpapatuloy ang mga pagtutol lalapat maaari pa ring isama ang paggamit ng pinaghirapang mga pensyon at kontribusyon ng mga manggagawa at kawani sa pagsalang ng panukala sa bicameral committee kung saan pag-iisahin ang bersyon ng Senado at ng Mababang Kapulungan.

Bago pumasa sa Senado, inamyendahan ang panukala para “explicitly” o tahasang ipagbawal ang paggamit dito ng mga pensyon at kontribusyon ng mga manggagawa at kawani ng gubyrno sa GSIS, SSS, Pag-ibig, PhilHealth, PAGIBIG, OWWA fund at PVAO fund. Gayunpaman

nananatili ang lahat ng iba pang maanomalyang probisyon, tulad ng awtoridad nitong tumanggap ng dayuhang mamumuhunan na maaaring umupo sa board nito at iba pa.

“Hindi Tinatanggal ng bersyon ng Senado ang pundamental na mga depekto ng MIF, anang Bayan. “Ibinibigay nito ang awtoridad na isugal ang pampublikong pondo sa isang makapangyarihang grupo na nakaugnay sa presidente sa kabila ng pumapailanlang na utang pampubliko at kasalatan ng pondo para sa panlipunang serbisyo.”

Nakagagalit na patuloy na itinutulak ng gubyernong Marcos isang pakana na walang ginagarantiyang tunay at sustenidong benepisyo, ayon pa sa grupo. “Imbes na magsilbing check and balance sa kapangyarihan (ng ehekutibo) pinili ng mga mambabatas na makipagsabwatan sa gubyernong Marcos para tago ang mga panganib ng MIF at itulak ang huwad na mga pangako nito.”

Sa halip na MIF, maaari namang itaas ng gubyerno ang rebenyu nito sa pamamamagitan ng pagpataw ng wealth tax sa mga bilyunaryo at gamitin ang pondong pambayad ng utang at napakalaking mga intelligence fund ng militar at pulis para sa mga proyektong panlipunan at pang-ekonomya.

Naglabas rin ng pinag-isang pahayag ang di bababa 16 grupo at pederasyon ng mga kawani ng gubyerno laban sa MIF noong Mayo 29. Anila, “tutol kami sa pagtatayo ng isang investment

vehicle na popondohan ng pera ng publiko gayong may mas malaking pangangailangan para sa salat na pondong ito...laluna sa mahihirap at marginalized na sektor ng ating lipunan.”

Gayundin, tutol sila dahil isinasapanganib nito ang seguridad sa trabaho ng mga manggagawa sa mga institusyong paghuhugutan ng pondo, tulad ng Land Bank of the Philippines, the Development Bank of the Philippines, at mga kawani sa mga government government owned and controlled corporation (GOCC) na maaaring maapektuhan kung malulugi ang MIF. Panawagan nila, sa halip na MIF, dapat gawing prayoridad ng estado ang dagdag-sahod at benepisyong mga kawani ng gubyrno.